

**Partnership HealthPlan of California**  
**Handbook ng Miyembro**

# Iba pang mga wika at format

---

## **Iba pang mga wika**

Makukuha ninyo ang Handbook ng Miyembro na ito at iba pang mga materyales ng plano nang libre sa iba pang mga wika. Tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711). Libre ang tawag na ito. Sa seksyon na ito ng Handbook ng Miyembro, malalaman ninyo ang tungkol sa mga serbisyong tulong sa wika gaya ng mga serbisyo ng interpreter at pagsasalin.

---

## **Iba pang mga format**

Makukuha ninyo ang impormasyong ito nang libre sa iba pang mga format, tulad ng braille, malalaking letra sa 18 point font at audio. Tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711). Libre ang tawag na ito.

---

## **Mga serbisyo ng tagapagsalin o interpreter**

Hindi ninyo kailangang gumamit ng miyembro ng pamilya o kaibigan bilang interpreter. Para sa impormasyon tungkol sa libreng mga serbisyo ng tagapagsalin, serbisyo sa wika o serbisyong pangkultura may makukuhang tulong na available 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo, o para kunin ang handbook na ito sa ibang wika, tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711). Libre ang tawag na ito.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

**English**

ATTENTION: If you speak another language, language assistance services, free of charge, are available to you. Call (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 or 711).

**Español (Spanish)**

ATENCIÓN: Si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711).

**Русский (Russian)**

ВНИМАНИЕ: Если вы говорите на русском языке, то вам доступны бесплатные услуги перевода. Звоните (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 или 711).

**Tiếng Việt (Vietnamese)**

CHÚ Ý: Nếu bạn nói Tiếng Việt, có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho bạn. Gọi số (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 or 711).

**Tagalog (Tagalog – Filipino)**

PAUNAWA: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 or 711).

**한국어 (Korean)**

주의: 한국어를 사용하시는 경우, 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 or 711) 번으로 전화해 주십시오.

**繁體中文(Chinese)**

(800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 or 711)

**Հայերեն (Armenian)**

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

ՈՒՇԱԴԻՐՈՒԹՅՈՒՆ՝ Եթե խոսում եք հայերեն, ապա ձեզ անվճար կարող են տրամադրվել լեզվական աջակցության ծառայություններ: Չանգահարեք (800) 863-4155 (TTY/TDD (հեռատիպ)՝ (800) 735-2929 or 711):

### فارسی (Farsi)

توجه: اگر به زبان فارسی گفتگو می کنید، تسهیلات زبانی بصورت رایگان برای شما فراهم می باشد. با (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 or 711) تماس بگیرید.

### 日本語 (Japanese)

注意事項：日本語を話される場合、無料の言語支援をご利用いただけます。(800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 or 711) まで、お電話にてご連絡ください。

### Hmoob (Hmong)

LUS CEEV: Yog tias koj hais lus Hmoob, cov kev pab txog lus, muaj kev pab dawb rau koj. Hu rau (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 or 711).

### ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi)

ਐਸ ਓ ਐਨ: c ਠ ਚੁਪਝ ਖ ਆ ਊਮਠ ਊਕ ਊਸ z ~ ਆ { | ~ T k ~ { ਠ ~ k ਚ h ਠ w U t ਚ k

Vpwr n | ਊ(800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 or 711) 'k ਠ ~w \ v ਊ

### العربية (Arabic)

ملحوظة: إذا كنت تتحدث اذكر اللغة، فإن خدمات المساعدة اللغوية تتوافر لك بالمجان. اتصل برقم (800) 863-4155 (رقم هاتف الصم والبكم: (800) 735-2929 or 711).

### हिंदी (Hindi)

ध्यान दें: यदि आप हिंदी बोलते हैं तो आपके लिए मुफ्त में भाषा सहायता सेवाएं उपलब्ध हैं। (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 or 711) पर कॉल करें।

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

**ภาษาไทย (Thai)**

เรียน: ถ้าคุณพูดภาษาไทยคุณสามารถใช้บริการช่วยเหลือทางภาษาได้ฟรี โทร (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 or 711).

**ខ្មែរ (Cambodian)**

ប្រយ័ត្ន: បរិស្ថានជាអ្នកនិយាយ ភាសាខ្មែរ, បសវនករជំនួយខ្លួនក្នុងភាសា បោយមិនគិតថ្លៃ គឺអាចមានសំរាប់បរិភោគ។ ចូរ ទូរស័ព្ទ (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 or 711)។

**ພາສາລາວ (Laotian)**

ໂປດຊາບ: ຖ້າວ່າ ທ່ານເວົ້າພາສາ ລາວ, ການບໍລິການຊ່ວຍເຫຼືອດ້ານພາສາ, ໂດຍບໍ່ແຈ້ງຄ່າ, ແມ່ນມີພ້ອມໃຫ້ທ່ານ. ໂທ (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 or 711)

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

# Abiso sa hindi pagdidiskrimina

Ang diskriminasyon ay labag sa batas. Sumusunod ang Partnership HealthPlan of California sa naaangkop na mga batas ng Estado at Pederal sa mga karapatang sibil. Ang Partnership HealthPlan of California ay hindi nagdidiskrimina nang labag sa batas, ipinupuwera o tinatrato nang kakaiba ang mga tao dahil sa seks, lahi, kulay ng balat, relihiyon, lipi, bansang pinagmulan, kaugnayan sa grupong etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, kapansanan sa katawan, medikal na kalagayan, impormasyon ng henetiko, estado sibil, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o oryentasyong sekswal.

Ang Partnership HealthPlan of California ay nagkakaloob ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan upang tulungan silang makipag-usap nang mas maayos tulad ng:
  - ✓ Mga kwalipikadong tagapagsalin ng sign language
  - ✓ Nakasulat na impormasyon sa iba pang mga format (malalaking letra, audio, madaling makuhang elektronikong format, iba pang mga format)
- Libreng mga serbisyo sa wika sa mga tao na ang kanilang pangunahing wika ay hindi Ingles, tulad ng:
  - ✓ Mga kwalipikadong tagapagsalin
  - ✓ Impormasyon na nakasulat sa iba pang mga wika

Kung kailangan ninyo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Partnership HealthPlan of California sa pagitan ng 8 a.m. – 5 p.m. sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 863-4155. O, kung hindi kayo nakakarinig o nakapagsasalita nang maayos, mangyaring tumawag sa (TTY/TDD) (800) 735-2929) o 711 para magamit ang California Relay Service.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD) (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

## **PAANO MAGHAIN NG KARAINGAN**

Kung naniniwala kayong nabigo ang Partnership HealthPlan of California na ipagkaloob ang mga serbisyong ito o nadiskrimina kayo nang labag sa batas sa iba pang paraan dahil sa seks, lahi, kulay ng balat, relihiyon, lipi, bansang pinagmulan, kaugnayan sa grupong etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, kapansanan sa katawan, medikal na kalagayan, impormasyon ng henetiko, estado sibil, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o oryentasyong sekswal maaari kayong maghain ng karaingan sa Partnership HealthPlan of California. Maaari kayong maghain ng reklamo sa telepono, sa pamamagitan ng sulat, nang personal, online o sa pamamagitan ng fax:

- **Sa telepono:** Tumawag sa PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711) Lunes – Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. Tutulungan kayo ng aming kinatawan sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa proseso ng paghahain ng karaingan.
- **Sa sulat:** Maaari kayong sumulat sa amin. O kaya, maaari kaming magpadala sa inyo ng form sa pamamagitan ng koreo. Tiyaking isasama rito ang inyong numero ng PHC ID at ang dahilan ng paghahain ninyo ng karaingan. Sabihin sa amin kung ano ang nangyari at kung paano namin maaayos ito:

Partnership HealthPlan of California  
ATTN: Grievance  
4665 Business Center Drive  
Fairfield, CA 94534

- **Online:** Bisitahin ang aming website sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org)
- **Personal:** Maaari ninyong bisitahin ang inyong lokal na tanggapan ng PHC o ang tanggapan ng inyong doktor
- **Fax:** Maaari kayong mag-fax sa amin sa (707) 863-4351. Tiyaking isasama ang inyong numero ng PHC ID at ang dahilan ng paghahain ninyo ng karaingan. Sabihin sa amin kung ano ang nangyari at kung paano namin maaayos ito.

## **OPISINA PARA SA MGA KARAPATANG SIBIL**

Maaari din kayong maghain ng reklamo kaugnay ng mga karapatang sibil sa Opisina para sa mga Karapatang Sibil ng Departamento ng mga Serbisyong Pangangalaga ng Kalusugan ng California sa pamamagitan ng sulat, sa telepono o sa elektronikong paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa **916-440-7370**. Kung may problema kayo sa pagsasalita o pandinig, mangyaring tumawag sa **711 (Telecommunications Relay Service)**.
- **Sa pamamagitan ng sulat:** Magsagot ng form ng reklamo o sumulat sa:

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

Deputy Director, Office of Civil Rights  
Department of Health Care Services  
Office of Civil Rights  
P.O. Box 997413, MS 0009  
Sacramento, CA 95899-7413  
1-916-440-7370 (TTY/TDD 711 California State Relay)

Makakakuha ng form ng reklamo sa  
[http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language\\_Access.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx).

- Elektronikong paraan: Magpadala ng email sa [CivilRights@dhcs.ca.gov](mailto:CivilRights@dhcs.ca.gov)

### **OPISINA PARA SA MGA KARAPATANG-SIBIL – DEPARTAMENTO NG MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN AT PANTAO NG U.S.**

Kung sa palagay ninyo ay nadiskrimina kayo batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari din kayong maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Opisina para sa Mga Karapatang-Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S. sa telepono, sa pamamagitan ng sulat, o sa elektronikong paraan:

- Sa telepono: Tumawag sa **(800) 368-1019**. Kung hindi kayo nakapagsasalita o nakakarinig nang maayos, mangyaring tumawag sa **TTY/TDD (800) 537-7697** o 711 para magamit ang California Relay Service.
- Sa sulat: Sagutan ang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:

**U.S. Department of Health and Human Services**  
**200 Independence Avenue, SW**  
**Room 509F, HHH Building**  
**Washington, D.C. 20201**

May makukuhang mga form ng reklamo sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

- Elektronikong Paraan: Bisitahin ang Office for Civil Rights Complaint Portal sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).



# Welcome sa Partnership HealthPlan of California!

Salamat sa pagsali ninyo sa Partnership HealthPlan of California (PHC). Ang PHC ay isang planong pangkalusugan para sa mga tao na may Medi-Cal. Nakikipagtulungan kami sa Estado ng California upang tulungan kayong makuha ang kailangan ninyong pangangalagang pangkalusugan. Nakikipagtrabaho kami sa mga lokal na tagapagbigay ng serbisyong medikal upang siguraduhin na kayo at lahat ng aming miyembro ay may de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan.

---

## Handbook ng Miyembro

Sinasabi ng Handbook ng Miyembro na ito ang tungkol sa inyong coverage sa ilalim ng PHC. Mangyaring basahing mabuti ang kabuuan nito. Matutulungan kayo nito na maintindihan at ma-access ang inyong mga benepisyo at serbisyo. Ipinaliliwanag din nito ang inyong mga karapatan at responsibilidad bilang miyembro ng PHC. Kung mayroon kayong mga espesyal na pangangailangan sa kalusugan, siguraduhing basahin ang lahat ng seksiyong naaangkop sa inyo.

Ang Handbook ng Miyembro na ito ay tinatawag ding Pinagsamang Katibayan ng Coverage (EOC) at Form ng Pagsisiwalat. Buod ito ng mga alituntunin at patakaran ng PHC at batay sa kontrata sa pagitan namin at ng California Department of Health Care Services (DHCS). Kung gusto ninyong malaman ang mga eksaktong takda at kondisyon ng coverage, maaari kayong humingi ng kopya ng kumpletong kontrata mula sa Mga Serbisyo sa Miyembro. Kung gusto ninyo ng higit pang impormasyon, tumawag sa PHC sa (800-863-4155) (TTY/TDD (800-735-2929) o 711).

Tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711) para humingi ng kopya ng kontrata sa pagitan ng PHC at ng DHCS. Maaari din kayong humingi ng isa pang kopya ng Handbook ng Miyembro nang walang bayad o bisitahin ang PHC website sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org) para tingnan ang Handbook ng Miyembro. Maaari din kayong humingi ng walang bayad na kopya ng di-proprietaryong klinikal at administratibong mga patakaran at pamamaraan ng PHC, o kung paano i-access ang impormasyong ito sa PHC website.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

## **Kontakin kami**

Narito kami para tumulong. Kung mayroon kayong mga tanong, tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711). Narito kami Lunes – Biyernes, 8 a.m. – 5 p.m. Libre ang tawag na ito.

Maaari din kayong bumisita online sa anumang oras sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

Salamat,  
Partnership HealthPlan of California

4665 Business Center Drive  
Fairfield, CA 94534

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

# Talaan ng mga nilalaman

<b>Iba pang mga wika at format</b> .....	<b>1</b>
Iba pang mga wika .....	1
Iba pang mga format .....	1
Mga serbisyo ng tagapagsalin o interpreter.....	1
<b>Abiso sa hindi pagdidiskrimina</b> .....	<b>5</b>
<b>Welcome sa Partnership HealthPlan of California!</b> .....	<b>8</b>
Handbook ng Miyembro .....	8
Kontakin kami .....	9
<b>Talaan ng mga nilalaman</b> .....	<b>10</b>
<b>1. Pagsisimula bilang miyembro</b> .....	<b>12</b>
Paano hihingi ng tulong .....	12
Sino ang maaaring maging miyembro .....	12
Transitional Medi-Cal.....	13
Mga identification (ID) card.....	14
Mga paraan upang makibahagi bilang isang miyembro .....	15
<b>2. Tungkol sa inyong planong pangkalusugan</b> .....	<b>17</b>
Buod ng planong pangkalusugan .....	17
Paano gumagana ang inyong plano .....	18
Pagpapalit ng mga planong pangkalusugan.....	19
Pagpapatuloy ng pangangalaga .....	20
Mga Halaga .....	22
<b>3. Paano kumuha ng pangangalaga</b> .....	<b>24</b>
Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan .....	24
Saan kukuha ng pangangalaga .....	31
Network ng tagapagbigay ng serbisyo.....	33
Tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (PCP).....	38
<b>4. Mga benepisyo at serbisyo</b> .....	<b>45</b>
Ang sakop ng inyong plano .....	45
Mga benepisyo sa Medi-Cal na iniaalok ng PHC.....	46
Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal .....	67
Koordinasyon ng mga benepisyo .....	70

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

Ebalwasyon ng bagong teknolohiya .....	70
<b>5. Mga Karapatan at responsibilidad.....</b>	<b>72</b>
Ang inyong mga karapatan.....	72
Ang inyong mga responsibilidad.....	74
Abiso sa mga Patakaran sa Pagkapribado.....	75
Abiso tungkol sa mga batas .....	86
Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang huling tagapagbayad .....	86
Abiso tungkol sa estate recovery.....	87
Abiso tungkol sa Aksyon .....	87
<b>6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema.....</b>	<b>88</b>
Mga reklamo.....	89
Mga apela.....	90
Ano ang gagawin kung hindi kayo sumasang-ayon sa isang desisyon sa apela.....	91
Mga Pagdinig ng Estado .....	92
Pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso.....	93
<b>7. Mga dapat malaman na numero at salita .....</b>	<b>95</b>
Mga Mahahalagang Numero ng PHC.....	95
Mga dapat malaman na salita.....	97

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

# 1. Pagsisimula bilang miyembro

---

## Paano hihingi ng tulong

Gusto ng Partnership HealthPlan of California (PHC) na masaya kayo sa inyong pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kayong anumang tanong o ikinababahala tungkol sa inyong pangangalaga, gusto ng PHC na makabalita mula sa inyo!

## Mga Serbisyo sa Miyembro

Narito ang mga serbisyo sa miyembro ng PHC para tulungan kayo. Magagawa ng PHC na:

- Sagutin ang inyong mga tanong tungkol sa inyong planong pangkalusugan at mga sakop na serbisyo
- Tulungan kayong pumili ng tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (PCP)
- Sabihin sa inyo kung saan kukunin ang kailangan ninyong pangangalaga
- Tulungan kayong kumuha ng mga serbisyo ng tagapagsalin o interpreter kung hindi kayo nakapagsasalita ng Ingles
- Tulungan kayong kumuha ng impormasyon sa iba pang mga wika at format

Kung kailangan ninyo ng tulong, tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711). Narito kami Lunes - Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. Libre ang tawag na ito.

Maaari din kayong bumisita online sa anumang oras sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

---

## Sino ang maaaring maging miyembro

Kwalipikado kayo para sa PHC dahil kwalipikado kayo para sa Medi-Cal at nakatira kayo sa isa sa mga county na ito:

- Del Norte County (707) 464-3191

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

- Humboldt County (877) 410-8809
- Lake County (800) 628-5288
- Lassen County (530) 251-8152
- Marin County (877) 410-8817
- Mendocino County (707) 463-7700
- Modoc County (530) 233-6501
- Napa County (707) 253-4511
- Shasta County (877) 652-0731
- Siskiyou County (530) 841-2700
- Solano County (707) 784-8050
- Sonoma County (877) 699-6868
- Trinity County (800) 851-5658
- Yolo County (866) 226-5415

Maaari din kayong maging kwalipikado para sa Medi-Cal dahil tumatanggap kayo ng Karagdagang Panseguridad na Kita/Supplementaryong Bayad mula sa Estado (SSI/SSP). Kung tumatanggap kayo ng SSI, tawagan ang opisina ng Pangasiwaan ng Seguridad Panlipunan (SSA) sa (800) 772-1213.

Maaari kayong magtanong tungkol sa kung paano maging kwalipikado para sa Medi-Cal sa lokal na opisina ng mga serbisyo sa kalusugan at mga tao sa inyong county. Hanapin ang lokal na opisina sa inyong lugar sa [www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx).

---

## Transitional Medi-Cal

Ang Transitional Medi-Cal ay tinatawag ding “Medi-Cal para sa mga taong nagtatrabaho.” Maaari kayong makakuha ng Transitional Medi-Cal kung hihinto kayo sa pagtanggap ng Medi-Cal dahil:

- Nagsimula kayong kumita nang mas malaki.
- Nagsimulang makatanggap ang inyong pamilya ng higit pang suporta sa anak o asawa.

Maaari kayong magtanong tungkol sa pagiging kwalipikado para sa Transitional Medi-Cal sa inyong lokal na tanggapan ng mga serbisyong pangkalusugan at pantao sa county sa [www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx)

---



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

## Mga identification (ID) card

Bilang miyembro ng PHC, makakatanggap kayo ng PHC ID card. Kailangang ipakita ninyo ang inyong PHC ID card at ang inyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) kapag kukuha kayo ng anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o reseta. Dapat ninyong dala-dala palagi ang lahat ng health card ninyo sa lahat ng oras.

Narito ang halimbawa ng BIC at PHC ID card para makita ninyo kung ano ang hitsura ng magiging card ninyo:



Narito ang halimbawa ng PHC ID card para makita ninyo kung ano ang hitsura ng magiging card ninyo:

### HARAP

**Partnership HealthPlan of California (PHC)**  
www.partnershiphp.org

ID#: \_\_\_\_\_ PCP/MH Effective Date: \_\_\_\_\_

**Member Name:** \_\_\_\_\_  
**Date of Birth:** \_\_\_\_\_  
**PCP/MH Name:** \_\_\_\_\_  
**PCP/MH Phone:** \_\_\_\_\_  
**Mental Health:** \_\_\_\_\_  
**Substance Use:** \_\_\_\_\_  
**24 Hour Advice Nurse:** \_\_\_\_\_  
**PHC Member Services:** (800) 863-4155, M-F 8am-5pm

### LIKOD

TTY (800) 735-2929 or 711  
 In case of emergency, call 911 or go to the nearest hospital emergency room. Prior Authorization is not required.

**For Provider and Pharmacy Use Only**

PBM: MedImpact, Plan SPH01, RX BIN 003585, PCN 36200, Person code 01; Kaiser members use Kaiser PBM  
 Eligibility Verification/PCP Assignment: (800) 557-5471  
 Submit Medical Claims to: Partnership HealthPlan of California, P.O. BOX 1368, Suisun City, CA 94585-1368

Makakatulong ang pagpapakita ng inyong PHC ID card para malaman ng inyong tagapagbigay ng serbisyo kung sino ang tatawagan para sa mga tanong, paunang pag-apruba, at pagkoordinang pangangalaga. Kung papalitan ninyo ang inyong PCP, o lilipat sa ibang county na sineserbisyuhan ng PHC, maaaring makatanggap kayo ng bagong ID card mula sa PHC. Maaari din kayong tumawag sa PHC para humingi ng bagong ID card sa anumang oras.

Kung hindi ninyo matanggap ang inyong PHC ID card sa loob ng ilang linggo pagkatapos

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

magpatala, o kung ang inyong card ay masira, mawala o manakaw, tawagan kaagad ang PHC. Padadalhan namin kayo ng bagong card. Tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711). Narito kami Lunes - Biyernes, 8 a.m. – 5 p.m. Mapi-print din ninyo ang inyong ID card mula sa aming portal ng miyembro.

---

## **Mga paraan upang makibahagi bilang isang miyembro**

Gusto ng PHC na makabalita mula sa inyo. Taun-taon mayroon kaming mga pagpupulong upang pag-usapan kung ano ang gumagana nang maayos at kung paano pa kami huhusay. Imbitadong dumalo ang mga miyembro. Samahan ninyo kami sa isang pagpupulong!

### **Komite ng Tagapayong Konsyumer (CAC)**

Ang PHC ay may grupo na tinatawag na Komite ng Tagapayong Konsyumer (Consumer Advisory Committee o CAC). Ang grupong ito ay binubuo ng aming mga miyembro at tagasuporta sa komunidad na naninirahan sa aming mga county. Pinag-uusapan ng grupo kung paano pahuhusayin ang mga patakaran ng PHC at tungkulin nito na:

- Magbigay ng komento sa mga materyales ng miyembro hinggil sa kadaliang basahin at kaangkupan sa kultura,
- Tukuyin ang mga ikinababahala ng miyembro at mga posibleng solusyon
- Magbigay-kaisipan tungkol sa mga kasalukuyan at posibleng benepisyo

Kung gusto ninyong maging bahagi ng grupong ito, tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711).

## **Iba Pang mga Paraan Para Makibahagi Kayo**

### **Iba pang mga Pagpupulong**

Ang mga pagpupulong ng aming Komisyon (tinatawag ding mga pagpupulong ng Lupon) at ang Komite ng mga Tagapayong Doktor (PAC) ay bukas sa publiko. Ipinapaskil ng PHC ang agenda at mga lokasyon ng pagpupulong sa mga opisina nito sa madaling makitang lugar, sa mismong pinto! Maaari kayong dumalo sa isa sa mga pagpupulong na ito.

Kung kailangan ninyo ng listahan ng mga petsa, oras at lokasyon ng pagpupulong ng PHC, tawagan ang PHC o bisitahin ang aming website sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

### **Ang Ulat-balita sa Miyembro ng PHC**

Nagpapadala ang PHC ng isang ulat-balita sa miyembro dalawang beses kada taon. Kasama sa ulat-balita ang mga artikulo na edukasyong pangkalusugan, mga update sa

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).



mga benepisyo sa PHC, at iba pang nakakatulong na impormasyon.

Kung gusto ninyo ng kopya ng pinakabagong Ulat-balita, tawagan ang PHC o bisitahin ang aming website sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

## 2. Tungkol sa inyong planong pangkalusugan

---

### **Buod ng planong pangkalusugan**

Ang PHC ay isang planong pangkalusugan para sa mga tao na may Medi-Cal sa mga county ng Del Norte, Humboldt, Lake, Lassen, Marin, Mendocino, Modoc, Napa, Shasta, Siskiyou, Solano, Sonoma, Trinity, at Yolo. Nakikipagtulungan kami sa Estado ng California upang tulungan kayong makuha ang kailangan ninyong pangangalagang pangkalusugan.

Maaari kayong makipag-usap sa isa sa mga kinatawan ng mga serbisyo sa miyembro ng PHC upang malaman ang higit pa tungkol sa planong pangkalusugan at kung paano ito makakatulong sa inyo. Tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711).

### **Kailan magsisimula at magtatapos ang inyong coverage**

Awtomatiko kayong itatala sa PHC batay sa uri ng Medi-Cal kung saan kayo kwalipikado at sa county kung saan kayo nakatira. Hindi mapipili ng mga miyembro na umalis sa PHC para pumunta sa Medi-Cal ng Estado o iba pang planong pangkalusugan sa Medi-Cal. Kakailanganing ma-renew bawat taon ang inyong coverage sa Medi-Cal. Magpapadala sa inyo ang county ng form sa pag-renew ng Medi-Cal. Sagutan ang form na ito at ibalik ito sa inyong lokal na ahensya ng mga serbisyong pantao sa county.

Sa unang buwan ng pagiging karapat-dapat sa PHC, maaari kayong tumanggap ng pangangalaga mula sa alinmang tagapagbigay ng serbisyo ng Medi-Cal na handang maningil sa amin. Bilang bagong miyembro, matatanggap ninyo ang isang PHC ID card, ang Handbook na ito at isang Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo, o impormasyon tungkol sa kung paano makikita, ipi-print o hihilingin ang mga materyal na ito sa aming website.

Sa ikalawang buwan ng pagiging karapat-dapat sa PHC itatalaga kayo sa isang tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (PCP). Nakasulat sa inyong ID card ang naitalagang PCP ninyo. Kailangan ninyong puntahan ang PCP na ito para sa mga

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

serbisyo sa pangunahing pangangalaga. Nasa inyong ID card ang simula ng petsa para magpatingin kayo sa inyong PCP. Tinutulungan kayo ng Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo na pumili ng bagong PCP kung hindi ninyo gusto ang napili para sa inyo.

Maaaring kailangan ang paunang awtorisasyon (tinatawag ding nauunang pag-apruba) para sa mga partikular na serbisyo, kahit pa hindi kayo itinalaga sa isang PCP. Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagkuha ng nauunang pag-apruba sa inyong unang buwan, tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD (800) 735-2929 o 711).

Ang pagiging karapat-dapat sa PHC ay maaaring magbago kung wala na kayong Medi-Cal o kung aalis kayo sa county. Maaari ding mawakasan ang pagbibigay ng sakop ng PHC kung makakatanggap ang inyong lokal na tanggapan ng mga serbisyong pangkalusugan at pantao sa county ng impormasyong bumabago sa inyong pagiging kwalipikado para sa Medi-Cal, kabilang dito ang pagkakakulong. Hanapin ang inyong lokal na tanggapan sa [www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx)

Kung hindi kayo sigurado kung sakop pa rin namin kayo, mangyaring tumawag sa (800) 863-4155 (TTY/TDD (800) 735-2929) or 711.

Kung hindi na kayo kwalipikado para sa mga benepisyo sa Medi-Cal, tawagan ang Covered California sa (800) 300-1506, TTY/TDD (888) 889-4500). Matutulungan kayo ng Covered California na alamin kung kwalipikado kayo para sa iba pang mga pagpipiliang insurance na pangkalusugan.

### **Mga Pinamamahalaang Pangmatagalang Serbisyo at Suporta (Managed Long-Term Services and Supports o MLTSS)**

Dapat sumali ang mga indibidwal na kwalipikado para sa Medicare at Medi-Cal sa plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal upang matanggap nila ang kanilang mga benepisyo sa Medi-Cal, kabilang ang LTSS at mga wrap-around na benepisyo ng Medicare.

### **Mga Espesyal na Pagsasaalang-alang para sa Mga American Indian sa Pinamamahalaang Pangangalaga**

Kung kayo ay isang American Indian, may karapatan kayong kumuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa alinmang pasilidad ng serbisyong pangkalusugan ng Indian. Upang alamin ang higit pa, mangyaring tawagan ang Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Indian sa **(916) 930-3927** o bisitahin ang website ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Indian sa [www.ihs.gov](http://www.ihs.gov).

---

## **Paano gumagana ang inyong plano**

Ang PHC ay isang planong pangkalusugan na kinontrata ng California Department of

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

Health Care Services (DHCS). Ang PHC ay isang pinamamahalaang pangangalaga na planong pangkalusugan. Ang mga plano ng pinamamahalaang pangangalaga ay matipid na paggamit ng mga mapagkukunan ng pangangalaga sa kalusugan na nagpapahusay sa pag-access sa pangangalaga sa kalusugan at sinisiguro ang kalidad ng pangangalaga. Nakikipagtulungan ang PHC sa mga doktor, ospital, parmasya, at iba pang provider ng pangangalaga sa kalusugan sa aming lugar na pinagseserbisuhan para magbigay ng pangangalaga sa kalusugan sa inyo, ang miyembro.

Sasabihin sa inyo ng Mga Serbisyo sa Miyembro kung paano gumagana ang PHC, paano kukunin ang kailangan ninyong pangangalaga, paano magtakda ng mga appointment sa tagapagbigay ng serbisyo sa loob ng mga karaniwang tagal ng pag-access, at paano aalamin kung kwalipikado kayo para sa mga serbisyo sa transportasyon.

---

## **Upang alamin ang higit pa, tawagan ang PHC sa (800) 863-4155**

(TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711). May makikita rin kayong impormasyon ng serbisyo sa miyembro online sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

---

## **Pagpapalit ng mga planong pangkalusugan**

Ang PHC ay ang planong pangkalusugan para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal sa mga county ng Del Norte, Humboldt, Lake, Lassen, Marin, Mendocino, Modoc, Napa, Shasta, Siskiyou, Solano, Sonoma, Trinity, at Yolo. Hihinto lang kayong maging miyembro ng PHC kung mawala ang inyong pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal o kung aalis kayo sa sineserbisyuhang lugar ng PHC. Maaari ding magtapos ang coverage ng PHC kung binago ng lokal na opisina ng mga serbisyo sa kalusugan at mga tao sa inyong county kung paano kayo kwalipikado para sa Medi-Cal. Hanapin ang inyong lokal na opisina sa [www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx).

## **Mga estudyante sa kolehiyo na lumilipat sa bagong county o sa labas ng California**

Kung lilipat kayo sa isang bagong county sa California upang mag-aral ng kolehiyo, isasama ng PHC sa sakop ang mga serbisyong pang-emergency sa inyong bagong county.

Kung nakatala kayo sa Medi-Cal at mag-aaral kayo ng kolehiyo sa ibang county, hindi ninyo kailangang mag-apply para sa Medi-Cal sa county na iyon.

Kapag pansamantala kayong aalis sa tahanan para mag-aral ng kolehiyo sa ibang county sa California, may dalawang opsiyon na available sa inyo. Maaari ninyong:

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

- Abisuhan ang lokal na opisina ng mga serbisyong panlipunan o social services sa inyong lugar na pansamantala kayong lilipat para mag-aral ng kolehiyo at ibigay ang inyong address sa bagong county. I-a-update ng county ang inyong bagong address at county code sa mga case record sa database ng Estado. Piliin ito kung gusto ninyong makatanggap ng mga karaniwan o pang-iwas sa sakit na serbisyo sa inyong bagong county. Maaaring kailanganin ninyong palitan ang inyong planong pangkalusugan. Para sa mga tanong, at upang maiwasan ang anumang pagkaantala sa pagpapatala sa bagong planong pangkalusugan, dapat ninyong kontakin ang Health Care Options na maaaring makatulong sa inyo. Tumawag sa Health Care Options sa (800) 430-4263 (TTY/TDD (800) 430-7077). Maaari ninyong makuha ang inyong mga serbisyo ng Medi-Cal sa county kung saan kayo nag-aaral ng kolehiyo. Lilimitahan kayo sa mga serbisyong pang-emergency kapag nasa labas ng county kung saan kayo nag-aaral ng kolehiyo.

## O

- Piliin na hindi palitan ang inyong planong pangkalusugan kapag pansamantala kayong mag-aaral ng kolehiyo sa ibang county. Maaari lamang kayong maka-access ng mga serbisyo sa emergency room at agarang pangangalaga sa bagong county para sa ilang kundisyon. Para matuto pa, pumunta sa Seksyon 3, “Paano kumuha ng pangangalaga.” Para sa pangangalagang pangkalusugan na karaniwan o para makaiwas sa sakit, kailangan ninyong gamitin ang regular na network ng mga tagapagbigay ng serbisyo ng PHC na nasa tinitirhang county ng pinuno ng sambahayan.
- Kung pansamantala kayong aalis ng California upang pumasok sa kolehiyo sa ibang estado at gusto ninyong mapanatili ang inyong coverage sa Medi-Cal, makipag-ugnayan sa inyong eligibility worker sa inyong lokal na tanggapan ng mga serbisyong pangkalusugan at pantao sa county. Hanapin ang inyong lokal na tanggapan sa [www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx). Hangga’t kwalipikado kayo, sasakupin ng Medi-Cal ang mga emergency sa ibang estado, at ang mga emergency kung saan kinakailangang magpaospital sa Canada at Mexico kung naaprubahan ang serbisyo at nakatutugon ang doktor at ospital sa mga panuntunan ng Medi-Cal. Kung gusto ninyo ng Medicaid sa ibang estado, kakailanganin ninyong mag-apply sa estadong iyon. Hindi kayo magiging kwalipikado para sa Medi-Cal at hindi magbabayad ang PHC para sa inyong pangangalagang pangkalusugan.

---

## **Pagpapatuloy ng pangangalaga**

Bilang miyembro ng PHC, makakatanggap kayo ng inyong pangangalagang

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

pangkalusugan mula sa mga tagapagbigay ng serbisyo sa aming network. Sa ilang sitwasyon, makapunta kayo sa mga tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network ng PHC na tinatawag na pagpapatuloy ng pangangalaga. Kung mayroon kayong pagpapatuloy ng pangangalaga, makapunta kayo sa tagapagbigay ng serbisyo sa loob ng hanggang 12 buwan o higit pa sa ilang sitwasyon. Kung hindi sasali ang inyong mga tagapagbigay ng serbisyo sa network ng PHC bago matapos ang 12 buwan, kakailanganin ninyong lumipat sa mga tagapagbigay ng serbisyo sa network ng PHC.

Ang Pagpapatuloy ng pangangalaga ay napapasailalim sa aming pag-apruba batay sa mga alituntunin ng Medi-Cal. Hindi naaangkop ang Pagpapatuloy ng pangangalaga sa mga serbisyo na hindi sakop ng Medi-Cal, at hindi naaangkop sa mga sumusunod na uri ng mga tagapagbigay ng serbisyo:

- Matibay na Kagamitang Medikal
- Transportasyon

### **Mga Tagapagbigay ng Serbisyo na aalis sa PHC**

Kung huminto ang inyong tagapagbigay ng serbisyo na makipagtrabaho sa PHC, maaaring maipagpapatuloy ninyo ang pagkuha ng mga serbisyo mula sa naturang tagapagbigay ng serbisyo nang aabot sa 12 buwan. Ito ay isa pang anyo ng pagpapatuloy ng pangangalaga. Nagkakaloob ang PHC ng mga serbisyo sa pagpapatuloy ng pangangalaga kabilang ang, pero hindi limitado sa:

- Pangunahing Pangangalaga
- Mga Espesyalista
- Terapiya sa Kalusugan ng Pag-uugali
- Pangangalaga sa Pagbubuntis at Matapos Manganak
- Mga maternal na serbisyo sa kalusugan ng isip
- Mga Banayad at Katamtamang Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip
- Mga malubhang kundisyon
- Mga hindi gumagaling na kundisyon sa katawan at pag-uugali
- Sakit na wala nang lunas
- Pangangalaga ng bagong silang na anak na nasa pagitan ng pagkapanganak at 36 na buwan
- Operasyon o iba pang pamamaraan na sinang-ayunan ng inyong doktor at ng PHC na medikal na kinakailangan at pauna nang naaprubahan

Hindi available ang pagpapatuloy ng pangangalaga kung hindi kayo nagpatingin sa inyong doktor nang kahit isang beses sa loob ng nakalipas na 12 buwan: hindi pumapayag ang inyong doktor na makipagtulungan sa PHC o kung may mga naitala ang PHC na mga alalahanin tungkol sa kalidad ng pangangalaga ng inyong doktor.

Upang matuto pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga at mga kwalipikasyon sa

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

pagiging kwalipikado, at upang malaman ang tungkol sa lahat ng magagamit na serbisyo, tumawag sa (800)-863-4155 .

---

## Mga Halaga

### Mga halagang babayaran ng Miyembro

Naglilingkod ang PHC sa mga taong kwalipikado para sa Medi-Cal. Ang aming mga miyembro ay **hindi** kailangang magbayad para sa mga sakop na serbisyo. Hindi kayo magkakaroon ng mga premium o deductible. Para sa listahan ng mga sakop na serbisyo, tingnan ang “Mga benepisyo at serbisyo.”

### Para sa mga miyembrong may hati sa gastos

Maaaring kailangan ninyong magbayad ng hati sa gastos o share of cost sa bawat buwan. Ang halaga ng inyong share of cost ay depende sa inyong kita at mga mapagkukunan at itinatakda ng opisina ng Medi-Cal sa inyong county. Bawat buwan na ginagamit ninyo ang mga serbisyo ng Medi-Cal, babayaran ninyo ang inyong sariling mga medical bill hanggang ang halagang nabayaran ninyo ay katumbas ng inyong share of cost. Pagkatapos nito, sasagutin ng PHC ang inyong pangangalaga para sa buwan na iyon. Hindi kayo isasama sa sakop ng PHC hanggang mabayaran ninyo ang inyong buong share of cost para sa buwan. Matapos ninyong matugunan ang inyong share of cost para sa buwan, maaari kayong pumunta sa sinumang tagapagbigay ng serbisyo ng PHC. Kung kayo ay miyembro na may share of cost, hindi ninyo kailangang pumili ng PCP.

### Paano binabayaran ang isang tagapagbigay ng serbisyo

Binabayaran ng PHC ang mga tagapagbigay ng serbisyo sa ganitong mga paraan:

- Mga capitation payment
  - Binabayaran ng PHC ang ilang tagapagbigay ng serbisyo ng takdang halaga ng pera bawat buwan para sa bawat isa sa aming mga miyembro. Ito ay tinatawag na capitation payment. Magkasama ang PHC at ang mga tagapagbigay ng serbisyo sa pagdedesisyon sa halaga ng bayad.
- Mga bayad na fee-for-service
  - May ilang tagapagbigay ng serbisyo na nagkakaloob ng pangangalaga sa mga miyembro ng PHC at pagkatapos ay pinadadalhan ang PHC ng bill para sa mga serbisyong ipinagkaloob nila. Tinatawag ang bayad na ito na fee-for-service. Magkasama ang PHC at ang mga tagapagbigay ng serbisyo sa pagdedesisyon kung magkano ang mga halaga ng bawat

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

serbisyo.

- Mga Programa sa Pagpapahusay sa Kalidad
  - Ang programang ito ng pagbabayad na nakabatay sa value ay nagbibigay-gantimpala sa aming mga nakakontratang tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga, pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, at espesyalista para sa pagtugon o paglampas pa sa mga partikular na pamantayan ng kalidad. Pinahuhusay ng programang ito ang pangangalagang pangkalusugan ng miyembro at hinihikayat ang mahusay na pagganap ng tagapagbigay ng serbisyo.

Upang alamin ang higit pa kung paano namin binabayaran ang aming mga tagapagbigay ng serbisyo, tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711).

### **Paghiling sa PHC na bayaran ang isang bill**

Kung makatanggap kayo ng bill para sa isang sakop na serbisyo, huwag bayaran ang bill. Tawagan kaagad ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711).

Kung magbabayad kayo para sa isang serbisyo na sa tingin ninyo ay dapat naming bayaran, maaari kayong maghain ng claim. Gumamit ng claim form at sabihin sa amin sa pamamagitan ng sulat kung bakit kinailangan ninyong magbayad. Tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711) para humingi ng claim form. Pag-aaralan namin ang inyong claim upang magpasya kung maaaring isauli sa inyo ang pera.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).



# 3. Paano kumuha ng pangangalaga

---

## Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan

**MANGYARING BASAHIN ANG SUMUSUNOD NA IMPORMASYON UPANG MALAMAN NINYO KUNG KANINO O SAANG GRUPO NG MGA TAGAPAGBIGAY MAAARING MAKAKUHA NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN.**

Maaari ninyong simulang kunin ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa petsa na may bisa ang inyong coverage. Tiyaking palagi ninyong dala ang inyong mga card sa insurance na pangkalusugan kasama ang inyong PHC ID card, Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC), at anupamang card ng insurance sa kalusugan na mayroon kayo. Huwag kailanman ipapagamit sa iba ang inyong PHC ID card o BIC card.

Kailangang pumili ang mga bagong miyembro ng tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (PCP) sa network ng PHC. Ang aming network ay isang grupo ng mga doktor, ospital at iba pang mga tagapagbigay ng serbisyo na nakikipagtrabaho sa amin. Kailangan ninyong pumili ng PCP sa loob ng 30 araw magmula sa panahong kayo ay maging miyembro ng PHC. Kung hindi kayo pipili ng PCP, kami ang pipili para sa inyo.

Maaari ninyong piliin ang parehong PCP o magkakaibang PCP para sa lahat ng miyembro ng pamilya na nakatala sa PHC.

Kung mayroon kayong doktor na gusto ninyong ipagpatuloy na puntahan, o gusto ninyong maghanap ng bagong PCP, maaari kayong maghanap sa Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo. Mayroon itong listahan ng lahat ng PCP sa aming network. May iba pang impormasyon sa Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo para tulungan kayong pumili ng PCP. Kung kailangan ninyo ng Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo, tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711).

Makikita rin ninyo ang Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo sa aming website sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

Kung hindi ninyo makukuha ang pangangalagang kailangan ninyo mula sa isang nakikilahok na tagapagbigay ng serbisyo sa network ng PHC, kailangang humingi ang inyong PCP sa PHC ng pag-apruba para papuntahin kayo sa isang tagapagbigay ng serbisyo sa labas-ng-network. Tinatawag itong referral.

Basahin ang nalalabing bahagi ng kabanatang ito upang alamin ang higit pa tungkol sa mga PCP, sa Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo at sa network ng tagapagbigay ng serbisyo.

### **Paunang assessment ng kalusugan (IHA)**

Inirerekomenda ng PHC na, bilang bagong miyembro, bumisita kayo sa inyong bagong PCP sa loob ng unang 120 araw ng pagiging miyembro ng PHC para sa paunang assessment ng kalusugan (IHA). Ang layunin ng IHA ay upang tulungan ang inyong PCP na malaman ang inyong kasaysayan at mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring magtanong sa inyo ang inyong PCP tungkol sa kasaysayan ng inyong kalusugan o maaaring hingin niya na kumpletuhin ninyo ang isang kwestionaryo. Sasabihin din sa inyo ng inyong PCP ang tungkol sa pagpapayo at mga klase sa edukasyong pangkalusugan na maaaring makatulong sa inyo.

Kapag tatawagan ninyo ang inyong PCP upang itakda ang inyong appointment para sa IHA, sabihin sa taong sasagot sa telepono na kayo ay miyembro ng PHC. Ibigay ninyo sa kanila ang numero ng inyong PHC ID.

Dalhin ang inyong BIC card at PHC ID card at anumang iba pang card ng insurance na pangkalusugan sa inyong appointment. Mabuting magdala ng listahan ng inyong mga gamot at mga tanong ninyo kapag pupunta kayo. Maghandang makipag-usap sa inyong PCP tungkol sa inyong mga pangangailangan at ikinababahala sa pangangalagang pangkalusugan.

Siguraduhing tawagan ang opisina ng inyong PCP kung mahuhuli kayo ng dating o hindi kayo makakapunta sa inyong appointment.

### **Karaniwang pangangalaga**

Ang karaniwang pangangalaga ay regular na pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang pangangalaga para makaiwas sa sakit, tinatawag ding wellness o well care. Nakakatulong ito para manatili kayong malusog at tinutulungan kayong makaiwas sa pagkakasakit. Kabilang sa pangangalaga para makaiwas sa sakit ang mga regular na pagpapatingin, edukasyon at pagpapayong pangkalusugan. Makakatanggap ang mga bata ng mga pinakahigit na kinakailangang serbisyo na pang-iwas sa sakit tulad ng pagsusuri sa pandinig at paningin, mga pagtatasa sa proseso ng pag-unlad at marami pang serbisyo na inirerekomenda ng mga alituntunin sa Bright Futures ng mga

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

pediatrician. Dagdag pa sa pangangalaga para makaiwas sa sakit, kabilang din sa karaniwang pangangalaga ang pangangalaga kapag maysakit kayo. Sakop ng PHC ang karaniwang pangangalaga mula sa inyong PCP.

Ang inyong PCP ay:

- Ibibigay ang lahat ng inyong karaniwang pangangalaga, kabilang ang mga regular na pagpapatingin, mga bakuna, paggamot, mga reseta at medikal na payo
- Itatabi ang inyong mga talaang pangkalusugan
- Ire-refer (papupuntahin) kayo sa mga espesyalista kung kinakailangan
- Mag-oorder ng mga X-ray, mammogram, o pagsusuri sa laboratoryo kung kailangan ninyo ang mga ito

Kapag kailangan ninyo ng karaniwang pangangalaga, tatawagan ninyo ang inyong PCP para magtakda ng appointment. Siguraduhing tawagan ang inyong PCP bago kayo kumuha ng medikal na pangangalaga, maliban kung ito ay isang emergency. Para sa emergency, tawagan ang **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Upang alamin ang higit pa tungkol sa pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyo na sakop ng inyong PHC, at kung ano ang hindi namin sinasakop, basahin ang 'Mga Benepisyo at Serbisyo' sa handbook na ito.

### **Agarang pangangalaga**

Ang agarang pangangalaga ay **hindi** para sa isang kondisyon na pang-emergency o mapanganib sa buhay. Ito ay para sa mga serbisyong kailangan ninyo upang mapigilan ang matinding pinsala sa inyong kalusugan mula sa biglaang pagkakasakit, pinsala o kumplikasyon ng isang kondisyong mayroon na kayo. Nangangailangan ng pangangalaga ang agarang pangangalaga sa loob ng 48 oras. Kung kayo ay nasa labas ng aming sineserbisyuhang lugar, maaaring sakupin ang mga serbisyong agarang pangangalaga. Ang mga pangangailangan para sa agarang pangangalaga ay maaaring para sa sipon, masakit na lalamunan, lagnat, pananakit ng tainga, masyadong nabanat na kalamnan o mga serbisyo sa mga nagbubuntis.

Para sa agarang pangangalaga, tawagan ang inyong PCP. Kung hindi ninyo matawagan ang inyong PCP, tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711). O maaari ninyong tawagan ang aming Tagapayong Nurse sa (866) 778-8873, 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Ito ay toll-free na numero para kausapin ang isang nurse tungkol sa inyong kalusugan kung hindi kayo sigurado tungkol sa pagpunta sa ER.

Kung kailangan ninyo ng agarang pangangalaga sa labas ng sineserbisyuhang lugar, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad ng agarang pangangalaga. Hindi ninyo kailangan ng nauunang pag-apruba (paunang awtorisasyon).

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

Kung kailangan ninyo ng agarang pangangalaga ng kalusugan ng pag-iisip, maaari ninyong tawagan ang inyong Plano sa Kalusugan ng Pag-iisip sa county o ang Beacon Health Options (Beacon) anumang oras, na bukas 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Para sa tulong sa paghahanap ng agarang pangangalaga sa kalusugan ng isip, maaari kayong tumawag sa Beacon sa (855) 765-9703 o TTY/TDD: (800) 735-2929 (24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo), o sa PHC Care Coordination sa (800) 809-1350 o 711 (Lunes – Biyernes, 8 a.m. – 5 p.m.). Upang hanapin ang toll-free na numero ng telepono ng lahat ng county, bisitahin ang <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContaktList.aspx>.

### **Pang-emergency na pangangalaga**

Para sa pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room (ER). Para sa pang-emergency na pangangalaga, **hindi** ninyo kailangan ng nauunang pag-apruba (paunang awtorisasyon) mula sa PHC. May karapatan kayong gamitin ang anumang ospital o iba pang setting para sa emergency na pangangalaga.

Ang Telehealth ay isang paraan ng pagkuha ng mga serbisyo nang wala sa pisikal na lokasyon kung nasaan ang inyong tagapagbigay ng serbisyo. Maaaring kasama sa Telehealth ang pagkakaroon ng live na pakikipag-usap sa inyong tagapagbigay ng serbisyo. O kaya, maaaring magsama ang telehealth ng pagbabahagi ng impormasyon sa inyong tagapagbigay ng serbisyo nang walang live na pakikipag-usap. Maaari kayong makatanggap ng maraming serbisyo sa pamamagitan ng telehealth. Mahalagang nagkakasundo kayo ng inyong tagapagbigay ng serbisyo na naaangkop para sa inyo ang paggamit ng telehealth para sa isang partikular na serbisyo. Maaari kayong makipag-ugnayan sa inyong tagapagbigay ng serbisyo upang malaman kung aling mga uri ng mga serbisyo ang maaaring magamit sa pamamagitan ng telehealth.

## **Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip**

- ***Mga serbisyong outpatient para sa kalusugan ng pag-iisip***

Sakop ng PHC ang isang miyembro para sa isang inisyal na pagsusuri ng kalusugan ng pag-iisip nang hindi nangangailangan ng nauunang pag-apruba (paunang awtorisasyon). Maaari kayong makakuha ng pagsusuri ng kalusugan ng pag-iisip anumang oras mula sa isang lisensyadong tagapagbigay ng serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa network nang walang referral.

Gagawa ang inyong PCP o tagapagbigay ng serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ng referral para sa karagdagang screening ng kalusugan ng pag-iisip sa isang espesyalista sa loob ng network ng PHC upang matukoy ang antas ng inyong kahinaan. Kung matukoy ng resulta ng inyong screening ng kalusugan ng pag-iisip na kayo ay nasa banayad o katamtamang pagkabalisa o may kahinaan sa silbi ng

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

pag-iisip, emosyon o pag-uugali, maaaring magbigay ang PHC ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa inyo. Sakop ng PHC ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip gaya ng:

- Pagsusuri at paggamot ng kalusugan ng pag-iisip para sa indibidwal at grupo (psychotherapy)
- Pagsusuring sikolohikal kapag ipinahihiwatig sa klinika upang suriin na kalagayan ng kalusugan ng pag-iisip
- Pagpapaunlad ng mga kakayahang kognitibo upang pahasayin ang atensyon, memorya at paglutas ng problema
- Mga serbisyong outpatient para sa mga layunin ng pagsubaybay ng terapiya gamit ang gamot
- Mga pang-outpatient na laboratoryo, gamot, supply at suplemento
- Konsultasyon na saykayatriko

Upang ipagkaloob itong mga banayad at katamtamang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na pang-outpatient, nakipagtulungan ang PHC sa Beacon Health Options (Beacon). Para sa tulong upang makahanap ng marami pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na ipinagkaloob ng Beacon, maaari kayong tumawag sa (855) 765-9703 o TTY/TDD: (800) 735-2929 (24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo), o sa PHC sa (800) 863-4155 TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711 (Lunes – Biyernes 8 a.m. – 5 p.m.). Kung matukoy ng mga resulta ng inyong screening sa kalusugan ng pag-iisip na maaaring mayroon kayo ng mas mataas na antas ng kahinaan at kailangan ng espesyal na mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip (SMHS), ire-refer kayo ng inyong tagapagbigay ng serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa plano ng kalusugan ng pag-iisip ng county upang tumanggap ng pagtatasa. Upang malaman ang higit pa, basahin ang *“Mga serbisyong hindi ninyo makukuha sa pamamagitan ng PHC o FFS Medi-Cal”* sa pahina 58.

## Mga serbisyong pang-emergency

- ***Mga serbisyong pang-inpatient at pang-outpatient na kinakailangan upang gamutin ang isang medikal na emergency***

Sakop ng PHC ang lahat ng serbisyo na kinakailangan upang gamutin ang isang medikal na emergency na nangyayari sa U.S. o nangangailangan na maging nasa ospital sa Canada o Mexico. Ang isang medikal na emergency ay isang kondisyong medikal na may matinding pananakit o seryosong pinsala. Napakaseryoso ng kondisyong ito na kung hindi ito agad na mabibigyan ng atensyong medikal, maaasahan ng sinumang maalam na ordinaryong tao na

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

magreresulta ito sa:

- Seryosong panganib sa inyong kalusugan; ○
- Seryosong pinsala sa mga silbi ng bahagi ng katawan; ○
- Seryosong diperensiya sa alinmang organo o bahagi ng katawan; ○
- Sa kaso ng babaeng buntis na nasa aktibong pagle-labor, ibig sabihin nagle-labor sa panahong maaaring mangyari ang alinman sa mga sumusunod:
  - Walang sapat na panahon upang ligtas na mailipat kayo sa ibang ospital bago kayo manganak.
  - Maaaring magdulot ang paglipat ng panganib sa kalusugan o kaligtasan ninyo o ng inyong hindi pa naisisilang na anak.

Maaari kayong bigyan ng parmasyutiko o emergency room ng ospital ng 72 oras na pang-emergency na supply ng inireresetang gamot kung sa palagay nila ay kailangan ninyo ito. Ang Medi-Cal RX o PHC ang magbabayad para sa pang-emergency na supply.

- ***Mga pang-emergency na serbisyo sa transportasyon***

Sakop ng PHC ang mga serbisyo ng ambulansiya para tulungan kayong pumunta sa pinakamalapit na lugar ng pangangalaga sa mga emergency na sitwasyon. Nangangahulugan ito na sapat na seryoso ang inyong kondisyon kung kaya't mapanganib sa inyong kalusugan o buhay ang iba pang paraan ng pagpunta sa lugar ng pangangalaga. Walang serbisyo ang sakop sa labas ng U.S., maliban sa mga pang-emergency na serbisyo na nangangailangan na kayo ay maging nasa ospital sa Canada o Mexico.

## **Pangangalaga sa mga may nataningang sakit at pampagaan ng mga sintomas**

Sakop ng PHC ang pangangalaga sa mga may nataningang sakit at pampagaan ng mga sintomas para sa mga bata at nasa hustong gulang, na tumutulong na bawasan ang mga pisikal, emosyonal, sosyal at espirital na kakulangan ng ginhawa para sa isang miyembrong may seryosong karamdaman. Maaaring makatanggap ang mga nasa hustong gulang ng serbisyo ng pangangalaga sa hospisyong para sa mga may nataningang sakit at pampagaan ng mga sintomas sa parehong pagkakataon.

Ang pangangalaga sa hospisyong ay isang benepisyo para sa mga miyembro na may nataningang sakit. Kinakailangan sa pangangalaga sa hospisyong na may taning na ang miyembro na 6 na buwan o mas maikli. Isa itong pamamagitan na pangunahing nakatuon sa pangangasiwa ng kirot at sintomas sa halip na lunas upang mapahaba ang buhay.

Kabilang sa pangangalaga sa hospisyong ang:

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

- Mga serbisyong pag-aalaga
- Mga serbisyo sa katawan, paggawa o pagsasalita
- Mga serbisyong medikal na panlipunan
- Mga serbisyo ng katulong sa kalusugan sa tahanan at kasambahay
- Mga medikal na supply at kasangkapan
- Mga gamot at mga serbisyong biyolohikal
- Mga serbisyong pagpapayo
- Patuloy na mga serbisyong pag-aalaga sa batayang 24 na oras sa mga yugto ng krisis at kung kinakailangan upang mapanatili sa tahanan ang miyembrong may natangingan na sakit
- Pangangalaga sa inpatient sa panahon ng pamamahinga na aabot sa limang magkakasunod na araw sa isang pagkakataon sa isang ospital, pasilidad ng bihasang pag-aalaga, o pasilidad ng hospisyo
- Panandaliang pangangalaga sa inpatient para sa pagkontrol ng pananakit o pangangasiwa ng sintomas sa isang ospital, pasilidad ng bihasang pangangalaga o pasilidad ng hospisyo

Ang pangangalagang pampagaan ng mga sintomas ay pangangalaga na nakatuon sa pasyente at pamilya na pinabubuti ang kalidad ng buhay sa pamamagitan ng pag-asam, pagpigil at paggamot sa paghihirap. Hindi kailangan ng pangangalagang pampagaan ng mga sintomas na magkaroon ang miyembro ng inaasahang haba ng buhay na anim na buwan o mas maikli. Maaaring ibigay ang pangangalagang pampagaan ng mga sintomas kasabay ng pangangalagang panlunas.

## **Pagpapaospital**

- ***Mga serbisyo ng anesthesiologist***

Sakop ng PHC ang kinakailangan dala ng medikal na dahilan na mga serbisyo ng anesthesiologist sa mga sakop na pamamalagi sa ospital. Ang anesthesiologist ay isang tagapagbigay ng serbisyo na espesyalisado sa pagbibigay ng anestisyas sa mga pasyente. Ang anestisyas ay isang uri ng gamot na ginagamit sa ilang medikal na pamamaraan.

- ***Mga serbisyo ng ospital na pang-inpatient***

Sakop ng PHC ang kinakailangan dala ng medikal na dahilan na pangangalaga ng ospital na pang-inpatient kapag na-admit kayo sa ospital.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

- ***Mga serbisyong pag-oopera***

Sakop ng PHC ang kinakailangan dala ng medikal na dahilan na mga pag-ooperang isinasagawa sa isang ospital.

### **Pangangalaga sa pagbubuntis ng ina at sa bagong silang**

Sakop ng PHC ang mga ganitong serbisyo sa pangangalaga sa pagbubuntis ng ina at sa bagong silang:

- Edukasyon at mga tulong sa pagpapasuso
- Mga breast pump at supply
- Pangangalaga sa panganganak at matapos manganak
- Pangangalaga sa pagbubuntis at bago manganak
- Mga serbisyo sa sentrong panganakan
- Sertipikadong Nurse na Midwife (CNM)
- Lisensyadong Midwife (LM)
- Pag-diagnose ng mga sakit na panghenetiko ng ipinagbubuntis na sanggol at pagpapayo

### **Mga inireresetang gamot**

#### ***Mga sakop na gamot***

Maaari kayong resetahan ng inyong tagapagbigay ng serbisyo ng mga gamot na nasa listahan ng mas pinipiling gamot ng PHC na sasailalim sa mga pagbubukod at limitasyon. Itong listahan ng gamot ay tinatawag ding pormularyo. Ina-update ng isang grupo ng mga doktor at parmasista ang listahang ito kada tatlong buwan

- Nakakatulong ang pag-update sa listahang ito na tiyaking ligtas at mabisa ang mga gamot na nakalista rito.
- Kung iniisip ng inyong doktor na kailangan ninyong uminom o gumamit ng isang gamot na wala sa listahang ito, kailangang kontakin kami ng inyong doktor upang humingi ng nauunang pag-apruba bago ninyo kunin ang gamot.
- Ang mga nauunang pag-apruba ay kilala rin bilang mga TAR (Treatment Authorization Request o Paghingi ng Awtorisasyon ng Paggamot).
- Maaaring ipadala ang mga TAR sa amin ng inyong botika o ng inyong tagapagreseta (doktor, nurse practitioner, dentista, assistant ng doktor).

Upang alamin kung ang isang gamot ay nasa pormularyo o para kumuha ng kopya ng pormularyo, tawagan kami sa (800) 863-4155 (TTY: (800) 735-2929 o 711). Makikita rin ninyo ang aming pormularyo online sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

Minsan kailangan naming aprubahan ang isang gamot bago ito maaaring ireseta ng isang

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

tagapagbigay ng serbisyo. Padadalhan kami ng tagapagreseta ng TAR upang humingi ng pag-apruba nang maaga. Rerepasuhin at dedesisyunan namin ang mga kahilingang ito sa loob ng 24 na oras.

- Maaari kayong bigyan ng isang parmasista ng hanggang sa 14-na araw na pang-emergency na supply kung ipinapalagay nilang kailangan ninyo ito. Babayaran namin ang botika para sa pang-emergency na supply.
- Maaari kayong bigyan ng emergency room ng isang ospital ng 3-araw na supply kung ipinapalagay nilang kailangan ninyo ito. Babayaran namin ang ospital para sa pang-emergency na supply.
- Kung hindi namin aaprubahan ang kahilingan, padadalhan namin kayo ng sulat na nagsasabi sa inyo kung bakit at anong iba pang mga gamot o paggamot ang maaari ninyong subukan.

### ***Mga Botika***

Kung kayo ay nagpapapuno o muling nagpapapuno ng reseta, kailangan ninyong kunin ang mga iniresetang gamot mula sa isang botikang nakikipagtrabaho sa amin. Makikita ninyo ang isang listahan ng mga botikang nakikipagtrabaho sa amin sa aming website sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org). Maaari din kayong maghanap ng botika na malapit sa inyo sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa (800) 863-4155 (TTY: (800) 735-2929 o 711).

Sa sandaling makapili kayo ng isang botika, dalhin ang inyong reseta sa botika. Maaari ding ipadala ito ng inyong doktor para sa inyo. Ibigay sa botika ang inyong reseta kasama ang inyong PHC ID card at lahat ng iba pang mga card ng insurance sa kalusugan. Siguraduhing alam ng botika ang tungkol sa lahat ng gamot na iniinom ninyo at anumang mga allergy ninyo. Kung mayroon kayong anumang mga tanong tungkol sa inyong reseta, siguraduhing itanong sa parmasista.

### ***Mga Hindi Sakop na Gamot***

Ang mga partikular na gamot na kabilang sa mga klase na panlaban sa virus (HIV/AIDS, Hepatitis B), antipsychotics, opioid antagonists at antihemophilic blood factors ay sakop ng Medi-Cal ng Estado sa halip na PHC, kaya ang mga ito ay inuuri bilang “hindi sakop” o mga gamot na “carve-out”. Ang klasipikasyong ito ay partikular sa gamot, hindi partikular sa diyagnosis. Halimbawa kung ang resetang buprenorphine ay nakasulat upang gamutin ang isang kondisyon bukod sa pagdepende o adiksiyon, itinuturing pa rin ang gamot na responsibilidad ng Medi-Cal ng Estado at hindi sakop ng PHC. Dapat isumite ang mga claim at mga TAR para sa mga miyembro ng PHC Medi-Cal sa Medi-Cal ng Estado.

Para sa listahan ng mga hindi sakop na gamot, bisitahin ang aming website sa <http://www.partnershiphp.org/Providers/Pharmacy/Pages/default.aspx>. Upang humiling

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

na ipakoreo sa inyo ang listahan ng mga hindi sakop na gamot, tumawag sa amin sa (800) 863-4155 (TTY: (800) 735-2929 o 711).

### **Ang Programang Provisional Postpartum Care Extension**

Ang Programang Provisional Postpartum Care Extension (PPCE) ay nagbibigay ng pinalawig na sakop para sa mga miyembro ng Medi-Cal na mayroong maternal na kundisyon sa kalusugan ng pag-iisip sa panahon ng pagbubuntis o sa panahon pagkatapos ng pagbubuntis.

Sakop ng PHC ang maternal na pangangalaga sa kalusugan ng isip para sa mga kababaihan sa panahon ng pagbubuntis at sa loob ng hanggang dalawang buwan pagkatapos ng pagbubuntis. Pinalalawig ng programang PPCE ang sakop na iyon sa loob ng hanggang 12 buwan makaraang ma-diagnose o mula nang matapos ang pagbubuntis, alinman ang mas huli.

Upang maging kwalipikado para sa programang PPCE, dapat makumpirma ng inyong doktor ang diagnosis sa inyo ng maternal na kundisyon sa kalusugan ng isip sa loob ng 150 araw pagkatapos ng pagbubuntis. Tanungin ang inyong doctor tungkol sa mga serbisyonang ito kung sa palagay ninyo ay kailangan ninyo ang mga ito. Kung sa palagay ng inyong doktor ay dapat kayong makakuha ng mga serbisyo mula sa PPCE, ang inyong doktor ang magsasagot at magsusumite ng form para sa inyo.

### **Mga serbisyo at aparato para sa rehabilitasyon at habilitasyon (terapiya)**

Kasama sa benepisyong ito ang mga serbisyo at aparatong makakatulong sa mga taong may mga pinsala, kapansanan o hindi gumagaling na kundisyon na magkaroon ng o maibalik ang mga kakayahan ng isip at katawan.

Sakop ng PHC ang:

- ***Acupuncture***

Sakop ng PHC ang mga serbisyo sa acupuncture upang maiwasan, baguhin, o pagaanin ang inaakalang matindi, nagpapatuloy na hindi nawawalang pananakit na nagreresulta mula sa kinikilala ng kalahatan na kondisyong medikal. Sumasailalim ang mga serbisyonang ito sa nauunang pag-apruba (paunang awtorisasyon) ng PHC.

- ***Audiology (pandinig)***

Sakop ng PHC ang audiology na kinakailangang dala ng medikal na dahilan. Maaaring may mga limitasyon kayo sa kung ilang pagbisita sa isang audiologist ang makukuha ninyo bawat buwan. Sumasailalim ang mga serbisyonang ito sa

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

nauunang pag-apruba (paunang awtorisasyon) ng PHC.

- ***Mga paggamot sa kalusugan ng pag-uugali***

Kabilang sa mga serbisyo sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali (BHT) at mga programang paggamot, ang applied behavior analysis at mga programang interbensyon sa pag-uugali na nakabatay sa ebidensiya na lumilintang o nagpapanumbalik, sa hangganang praktikal, sa kakayahang gumanap ng isang inbidibwal

Ang mga serbisyo sa BHT ay nagtuturo ng mga kakayahan gamit ang pagmamasid at pagpapatibay sa pag-uugali, sa pamamagitan ng pag-uudyok upang ituro ang bawat hakbang ng pinupuntiryang pag-uugali. Ang mga serbisyo sa BHT ay nakabatay sa maaasahang ebidensiya at hindi ini-eksperimento. Kabilang sa mga halimbawa ng mga serbisyo sa BHT ang mga interbensyon sa pag-uugali, mga cognitive behavioral intervention package, komprehensibong paggamot sa pag-uugali at applied behavior analysis.

Ang mga serbisyo sa BHT ay dapat kinakailangan dala ng medikal na dahilan, inireseta ng isang lisensiyadong doktor, taga-operang doktor, o ginawa ng isang lisensiyadong sikologo, aprubado ng plano, at ipinagkakaloob sa paraang sumusunod sa aprubadong plano ng paggamot.

- ***Mga pagsubok sa klinika para sa kanser***

Sakop ng PHC ang mga gastusin sa karaniwang pangangalaga sa pasyente para sa mga pasyenteng natanggap sa Yugto I, Yugto II, Yugto III o Yugto IV na pagsubok sa klinika kapag natugunan ang ilang partikular na kundisyon kung may kaugnayan ito sa pag-iwas, pagtuklas o paggamot ng kanser o iba pang mga kondisyon na nagbabanta sa buhay at kung ang pag-aaral ay isinasagawa ng U.S. Food and Drug Administration (FDA), Centers for Disease Control and Prevention (CDC) o Centers for Medicare and Medicaid Services (CMS). Dapat aprubahan ang mga pag-aaral ng National Institutes of Health, ng FDA, ng Department of Defense o ng Veterans Administration.

- ***Rehabilitasyon ng puso***

Sakop ng PHC ang mga serbisyo para sa rehabilitasyon ng puso na pang-inpatient at pang-outpatient.

- ***Matibay na kagamitang medikal***

Sakop ng PHC ang pagbili o pagrenta ng mga DME na supply, kagamitan at iba pang mga serbisyo na may reseta mula sa isang doktor. Maaaring sakupin ang mga iniresetang item na DME bilang kinakailangan dala ng medikal na dahilan

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).



upang ipreserba ang mga silbi ng katawan na kailangan sa mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay o upang maiwasan ang pangunahing kapansanan ng katawan. Hindi sinasakop ng PHC ang kagamitan, mga tampok na supply na pampaginhawa, kaluwagan at luho at iba pang bagay na hindi pangunahing ginagamit sa pangkalahatan para sa pangangalagang pangkalusugan.

- ***Nutrisyon na enteral at parenteral***

Ginagamit itong mga paraan ng paghahatid ng nutrisyon sa katawan kapag ang medikal na kondisyon ay pumipigil sa inyo na kumain nang normal. Sakop namin ang mga produktong pangnutrisyon na enteral at parenteral kapag kinakailangan dala ng medikal na dahilan.

- ***Mga hearing aid***

Sakop ng PHC ang mga hearing aid kung kayo ay nasuri para sa pagkawala ng pandinig at may reseta mula sa inyong doktor. Maaari ding sakupin ng PHC ang mga pagrenta ng hearing aid, pagpapalit at mga baterya para sa inyong unang hearing aid.

- ***Mga serbisyong pangkalusugan sa tahanan***

Sakop ng PHC ang mga serbisyong pangkalusugan na ipinagkakaloob sa inyong tahanan, kapag inireseta ng inyong doktor at napag-alaman na kinakailangan dala ng medikal na dahilan.

- ***Mga medikal na supply, kagamitan at kasangkapan***

Sinasaklaw ng namin ang mga medikal na supply na inireseta ng isang doctor.

- ***Terapiya sa pamamagitan ng gawain***

Sakop ng PHC ang mga serbisyo sa terapiya sa pamamagitan ng gawain, kabilang ang ebalwasyon sa terapiya sa pamamagitan ng gawain, pagpapalano ng paggamot, paggamot, mga serbisyong pagtuturo at konsultasyon. Pinahihintulutan ng PHC ang mga serbisyong terapiya sa pamamagitan ng gawain para sa pangangailangang medikal sa batayang depende sa kaso.

- ***Orthotics/prostheses***

Sakop ng PHC ang mga aparato at serbisyo na orthotic at prosthetic na kinakailangan dala ng medikal na dahilan at inireseta ng inyong doktor, podiatrist, dentista, o tagapagbigay ng serbisyong medikal na hindi doktor. Kasama rito ang mga naka-implant na aparato sa pandinig, mga bra na prostesis/mastectomy ng

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

suso, mga kasuotan na compression burn at prosthetics upang ibalik ang silbi o palitan ang isang bahagi ng katawan, o upang suportahan ang humina o nasirang bahagi ng katawan.

- ***Ostomy at mga supply para sa pag-ihi***

Sakop ng PHC ang mga ostomy bag, sunda sa pag-ihi, bag ng pag-aalis ng likido, supply para sa irigasyon at mga pandikit. Hindi kasama rito ang mga supply na para sa kaghinhawahan, kaluwagan o kasangkapan o tampok na luho.

- ***Terapiyang pisikal***

Sakop ng PHC ang mga serbisyo sa terapiyang pisikal, kabilang ang ebalwasyon sa terapiyang pisikal, pagpaplano ng paggamot, paggamot, mga serbisyong pagtuturo at konsultasyon, at paglalagay ng mga gamot na ipinapahid sa katawan.

- ***Rehabilitasyon ng baga***

Sakop ng PHC ang rehabilitasyon ng baga na kinakailangan dala ng medikal na dahilan at inireseta ng isang doktor.

- ***Mga Serbisyong Nagmumuling-tatag***

Sakop ng PHC ang operasyon upang itama o ayusin ang mga abnormal na kaayusan ng katawan upang gumanda o lumikha ng normal na hitsura hangga't maaari. Ang mga abnormal na kaayusan ng katawan ay yaong sanhi ng mga depektong mula pa sa pagsilang, mga abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksiyon, bukol, o sakit, o pag-aayos ng suso pagkatapos ng mastectomy. Maaaring nalalapat ang ilang limitasyon at pagbubukod.

- ***Mga serbisyo ng pasilidad ng skilled nursing***

Sakop ng PHC ang mga serbisyo ng pasilidad ng skilled nursing kung kinakailangan dala ng medikal na dahilan, kung kayo ay may kapansanan at kailangan ninyo ng mataas na antas ng pangangalaga. Kabilang sa mga serbisyong ito ang silid at pagkain sa isang lisensiyadong pasilidad na may pangangalagang skilled nursing sa paraang 24-na-oras bawat araw.

- ***Terapiya sa pagsasalita***

Sakop ng PHC ang terapiya sa pagsasalita na kinakailangan dala ng medikal na dahilan. Maaaring mayroon kayong mga limitasyon sa kung ilang pagbisita sa isang therapist sa pagsasalita ang makukuha ninyo bawat buwan.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

- ***Mga Serbisyo sa Transgender***

Sakop ng PHC ang mga serbisyo sa transgender (mga serbisyong nagpapatunay sa kasarian) bilang isang benepisyo kapag ang mga ito ay kinakailangan dala ng medikal na dahilan o kapag nakatutugon ang mga serbisyo sa pamantayan ng operasyon na nagmumuling-tatag.

## **Mga serbisyo ng laboratoryo at radiology**

Sakop ng PHC ang mga serbisyo sa laboratoryo at X-ray na pang-inpatient at pang-outpatient kapag kinakailangan dala ng medikal na dahilan. Sakop ang iba't ibang makabagong pamamaraan ng pagkuha ng image gaya ng mga CT scan, MRI at PET scan batay sa pangangailangan dala ng medikal na dahilan.

## **Mga serbisyo para makaiwas sa sakit at serbisyo para sa kaayusan ng kabuuang kalagayan at pamamahala sa hindi gumagaling-galing na sakit**

Sakop ng PHC ang:

- Mga bakuna na inirerekomenda ng Komite ng Tagapayo para sa mga Gawain sa Imunisasyon
- Mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya
- Mga rekomendasyon ng Bright Futures ng American Academy of Pediatrics
- Mga serbisyo para makaiwas sa sakit para sa mga babae na inirerekomenda ng American College of Obstetricians and Gynecologists
- Tulong para sa pagtigil sa paninigarilyo, tinatawag ding mga serbisyo sa pagtigil sa paninigarilyo
- Mga serbisyo para makaiwas sa sakit na inirerekomenda ng United States Preventive Services Task Force A and B

Ipinagkakaloob ang mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya sa mga miyembro na nasa edad na maaaring magkaanak upang maipasya nila ang bilang at espasyo ng mga anak. Kabilang sa mga serbisyong ito ang ilang paraang pamigil ng pagbubuntis na aprubado ng Federal Food and Drug Administration. Bilang miyembro, maaari kayong pumili ng isang doktor na malapit sa inyo at magbibigay sa inyo ng mga kailangan ninyong serbisyo.

Available ang PCP at mga espesyalista sa OB/GYN ng PHC para sa mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya. Para sa mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya, maaari din kayong pumili ng doktor o klinika na hindi konektado sa aming network nang hindi na kumukuha ng nauunang pag-apruba (paunang awtorisasyon) mula sa amin.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

### ***Diabetes Prevention Program***

Ang Diabetes Prevention Program (DPP) ay isang programa sa pagbabago ng pamumuhay na nakabatay sa ebidensiya na dinisenyo upang mapigilan o maantala ang pagkakaroon ng type 2 diabetes sa mga indibidwal na nasuring may prediabetes. Ang programa ay nagtatagal nang isang taon at maaaring magpatuloy nang isa pang taon para sa mga kwalipikadong miyembro. Gumagamit ang programa ng mga aprubadong pagbabago sa pamumuhay kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, sumusunod:

- Nagbibigay ng peer coach;
- Nagtuturo kung paano subaybayan ang sarili at lumutas ng problema;
- Nagpapalakas ng loob at nagbibigay ng komentaryo;
- Nagkakaloob ng mga babasahing nagbibigay-impormasyon upang suportahan ang mga layunin; at
- Sinusubaybayan ang mga karaniwang pagkuha ng timbang upang tumulong na makamit ang mga layunin.

**Kailangang matugunan ng mga miyembrong interesado sa DPP ang mga hinihingi para maging karapat-dapat. Makipag-ugnayan sa PHC para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa at pagiging karapat-dapat.**

### **Mga Serbisyong Pag-screen at Pagpapayo para sa Maling Paggamit ng Alkohol**

Sakop ang mga serbisyong pag-screen at pagpapayo para sa maling paggamit ng alkohol at paggamit ng ipinagbabawal na gamot para sa lahat ng miyembrong may edad na 18 at mas matanda. Karapat-dapat ang mga kabataang may edad na 18 – 21 para sa karagdagang mga serbisyong pag-screen sa pamamagitan ng mga serbisyong maaga at pana-panahong screening, diagnostic, at paggamot.

### **Mga serbisyo sa mga batang pasyente**

Sakop ng PHC ang mga serbisyong maaga at pana-panahong screening, diagnostic at paggamot (EPSDT) na inirerekomenda alinsunod sa mga alituntunin sa Bright Futures ng mga doktor upang matulungan kayo o ang inyong anak na manatiling malusog. Wala kayong babayaran sa mga serbisyong ito. Kasama sa mga serbisyong ito ang:

- Kung kayo o ang inyong anak ay wala pang 21 taong gulang, sakop namin ang mga pagbisita ng batang walang sakit. Ang mga pagbisita ng batang walang sakit ay komprehensibong hanay ng mga serbisyong pag-iwas sa sakit, screening, diagnostic, at paggamot.
- Gagawa ang PHC ng mga appointment at magbibigay ng transportasyon upang

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

matulungan ang mga bata na makuha ang pangangalagang kailangan nila.

- Ang pangangalagang pag-iwas sa sakit ay maaaring mga regular na pagpapatingin at screening upang matulungan ang inyong doktor na mahanap ang mga problema nang maaga. Tumutulong ang mga regular na pagpapatingin sa inyong doktor o sa doktor ng inyong anak na hanapin ang anumang problema sa inyong kalusugan, ngipin, paningin, pandinig, kalusugan ng pag-iisip, at anumang karamdaman sa paggamit ng substansya. Sakop ng PHC ang ilang serbisyong screening (kabilang ang pagsusuri ng antas ng tingga at dugo) anumang oras na may pangangailangan sa mga ito, kahit na ito ay hindi sa panahon ng inyong regular na pagpapatingin. Gayundin, ang mga pangangalagang pag-iwas sa sakit ay maaaring mga iniksiyon na kailangan ninyo o ng inyong anak. Dapat naming siguraduhin na lahat ng batang nakatala ay nakukuha ang mga iniksiyong kailangan sa oras ng anumang pagbisita na pangangalagang pangkalusugan. Makukuha ang mga serbisyo ng pangangalaga at pag-screen para makaiwas sa sakit nang walang babayaran o walang nauunang pag-apruba (paunang awtorisasyon).
- Kapag may nakitang problema sa katawan sa panahon ng pagsusuri o screening, sakop namin ang pangangalaga na kinakailangan dala ng medikal na dahilan upang itama o tulungan ang alinmang problema sa kalusugan ng katawan o pag-iisip. Kung ang pangangalaga ay kinakailangan dala ng medikal na dahilan at responsable ang PHC sa pagbabayad ng pangangalaga, sasakupin ng PHC ang pangangalaga na wala kayong babayaran. Kasama sa mga serbisyong ito ang:
  - Pangangalaga ng doktor, nurse na practitioner, at ospital
  - Mga iniksiyon upang mapanatili kayong malusog
  - Mga terapi na pangkatawan, pagsasalita/wika, at sa pamamagitan ng gawain
  - Mga serbisyong kalusugan sa tahanan, na maaaring medikal na kagamitan, supply at kasangkapan
  - Mga serbisyong paggamot at rehabilitasyon para sa banayad hanggang katamtamang kondisyon ng kalusugan ng pag-iisip
  - Paggamot sa paningin at pandinig na maaaring mga salamin sa mata at mga hearing aid.
  - Paggamot sa Kalusugan ng Pag-uugali para sa mga autism spectrum disorder at iba pang kapansanan sa paglaki
  - Pangangasiwa ng kaso, at edukasyong pangkalusugan

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

- Operasyon na nagmumuling-tatag, na operasyon upang itama o ayusin ang mga abnormal na kaayusan ng katawan sanhi ng mga depekto mula sa pagsilang, mga abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksiyon, bukol, o sakit upang pahusayin ang silbi o lumikha ng normal na hitsura.
- Pagkoordinang pangangalaga upang matulungan kayo o ang inyong anak na makuha ang naaangkop na pangangalaga, kahit na hindi ito sakop ng PHC sa ilalim ng Handbook na ito. Kabilang sa mga serbisyong ito ang:
  - Mga serbisyong paggamot at rehabilitasyon para sa mga karamdamang malubhang kalusugan ng pag-iisip at paggamit ng substansya
  - Paggamot para sa mga problema sa ngipin, na maaaring orthodontics

### **Mga serbisyo sa paningin**

Upang magkaloob ng mga serbisyo sa paningin, nakipag-partner ang PHC sa Vision Service Plan (VSP). Para sa tulong sa paghahanap ng karagdagang impormasyon sa mga serbisyo sa paningin na ipinagkakaloob ng VSP, maaari ninyong bisitahin ang aming website sa [www.partnershipho.org](http://www.partnershipho.org) o tumawag sa (800) 877-7195 o TTY/TDD: (800) 428-4833 o PHC sa (800) 863-4155 TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711. Ang mga miyembrong nakatalaga sa Kaiser para sa pangunahing pangangalaga ay dapat tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Kaiser sa (800) 464-4000 (TTY/TDD (800) 777-1370) para sa impormasyon sa mga serbisyo sa paningin.

Sakop ng PHC ang:

- Karaniwang eksaminasyon ng mata isang beses bawat 24 na buwan. Maaaring bigyan ng nauunang pag-apruba (paunang awtorisasyon) ng PHC ang mga karagdagang serbisyo kung medikal na kinakailangan.
- Mga salamin sa mata kada 24 na buwan o ayon sa pangangailangan dala ng medikal na dahilan para sa mga miyembrong kwalipikado, ayon sa pagpapasya ng PHC
- Mga contact lens kapag kailangan para sa medikal na kondisyon gaya ng aphakia, aniridia at keratoconus

### **Hindi pang-emergency na medikal na transportasyon (NEMT)**

Maaari kayong gumamit ng hindi pang-emergency na medikal na transportasyon (NEMT) para makapunta sa inyong mga appointment kapag isa itong sakop na serbisyo ng Medical. Kung hindi kayo makakapunta sa inyong medikal, dental, kalusugan ng pag-iisip o karamdaman sa paggamit ng substansya na appointment sa pamamagitan ng kotse, bus, tren, o taxi, maaari kayong humiling ng NEMT sa inyong doktor. Magresetang ang inyong doktor ng tamang uri ng transportasyon para matugunan ang inyong kondisyong medikal.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

Ang NEMT ay isang ambulansiya, litter van, wheelchair van o transportasyon sa himpapawid. Nangangahulugan ito, halimbawa, na kung kaya ng inyong katawan o kondisyong medikal na magbiyahe sa wheelchair van, hindi kami magbabayad para sa isang ambulansiya. Karapat-dapat lamang kayo sa transportasyon sa himpapawid kung imposible ang anumang transportasyong panlupa dahil sa inyong kondisyong medikal.

Kailangang gamitin ang NEMT kapag:

- Ito ay pisikal o medikal na kailangan ayon sa pagpapasya na may nakasulat na awtorisasyon ng isang doktor; o hindi kaya ng inyong katawan o kondisyong medikal ang paggamit ng bus, taxi, kotse o van para pumunta sa inyong appointment.
- Kailangan ninyo ng tulong mula sa drayber upang makapunta at galing sa inyong tirahan, sasakyan o lugar ng paggamot dahil sa isang kapansanan ng katawan o pag-iisip.
- Ito ay mauunang aaprubahan ng PHC na may kasamang nakasulat na awtorisasyon ng isang doktor.

Upang humingi ng mga serbisyong NEMT na inireseta ng inyong doktor, mangyaring tawagan ang Koordinasyon ng Pangangalaga ng PHC sa (800) 809-1350 (Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m.) nang hindi bababa sa isang araw ng trabaho bago ang inyong appointment. Para sa mga agarang appointment, mangyaring tawagan kami sa lalong madaling panahon. Mangyaring siguraduhing hawak ninyo ang inyong ID card bilang miyembro kapag tatawag kayo.

### ***Mga limitasyon ng NEMT***

Walang limitasyon ang pagtanggap ng NEMT papunta o pauwi mula sa mga medikal, dental, kalusugan ng pag-iisip, o karamdaman sa paggamit ng substansya na appointment na sakop sa ilalim ng PHC kapag inireseta ito ng isang tagapagbigay ng serbisyo para sa inyo. May ilang serbisyo ng botika na sakop sa ilalim ng NEMT gaya ng mga biyahe papunta sa botika para sa gamot. Para sa higit pang impormasyon o upang humiling ng mga serbisyo ng NEMT na nauugnay sa parmasya, mangyaring tumawag sa Koordinasyon ng Pangangalaga ng PHC sa (800) 809-1350 (Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m.). Kung ang appointment ay sakop ng Medi-Cal ngunit hindi sa pamamagitan ng PHC, ipagkakaloob namin sa inyo o tutulongan namin kayo na itakda ang inyong transportasyon.

### ***Ano ang hindi uma-apply?***

Hindi ipagkakaloob ang transportasyon kung pinahihintulutan kayo ng inyong kondisyong pisikal at medikal na pumunta sa inyong medikal na appointment sa pamamagitan ng kotse, bus, taxi, o iba pang madaling magamit na paraan ng transportasyon. Hindi

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

ipagkakaloob ang transportasyon kung ang serbisyo ay hindi sakop ng Medi-Cal. May listahan ng mga sakop na serbisyo sa Handbook ng Miyembro na ito.

### ***Halagang babayaran ng miyembro***

Walang halagang babayaran kapag pinahintulutan ng PHC ang transportasyon na binigyan ng nauunang pag-apruba (paunang awtorisasyon) ng PHC.

### **Hindi medikal na transportasyon (NMT)**

**Upang makapagkaloob ng mga serbisyong transportasyon, nakipag-partner kami sa Medical Transportation Management (MTM).**

Maaari kayong gumamit ng hindi medikal na transportasyon (NMT) kapag kayo ay:

- Bumibiyahe papunta at pauwi mula sa isang appointment para sa isang serbisyo ng Medi-Cal na aprubado ng inyong tagapagbigay ng serbisyo
- Kumukuha ng mga resetang gamot at medikal na supply.

Pinahihintulutan kayo ng PHC na gumamit ng kotse, taxi, bus o iba pang pampubliko/pribadong paraan ng pagpunta sa inyong medikal na appointment para sa mga serbisyong sakop ng Medi-Cal. Nagkakaloob ang PHC ng pagsasauli ng gastos sa gasolina kapag ang transportasyon ay sa isang pribadong sasakyang inayos ng miyembro at hindi sa pamamagitan ng broker ng transportasyon, mga bus pass, taxi voucher o tiket sa train.

Bago makakuha ng pag-apruba para sa pagsasauli ng gastos sa gasolina, dapat kumpirmahin ng PHC na sinubukan ninyong makakuha ng lahat ng iba pang makatuwirang mga pagpipilian na transportasyon at hindi makakuha ng isa. Pinapayagan ng PHC ang pinakamurang uri ng NMT na nakatutugon sa inyong mga pangangailangang medikal. Ang pagsasauli ng gastos sa gasolina ay available lamang sa mga kaibigan at kapamilya. Hindi maaaring magmaneho o saulian mismo ang mga miyembro. Pinahihintulutan namin ang pinakamababang halagang uri ng NMT na nakatutugon sa inyong mga pangangailangang medikal.

Kinakailangan ng pagsasauli ng gastos sa gasolina ang sumusunod:

- Natapos at may pirma na Tala ng Biyahe o pagpapatunay ng pagdating sa letterhead ng opisina
- Ang lisensya sa pagmamaneho ng drayber
- Ang rehistro ng sasakyan ng drayber
- Katibayan ng insurance ng kotse para sa drayber
- Dapat matanggap ng MTM ang lahat ng impormasyon sa loob ng 960 araw ng inyong pagbisita.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsasauli ng nagastos sa gasolina o upang humiling ng tala ng biyahe, tumawag sa Mga Serbisyo sa Customer ng MTM sa (888) 828-1254.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).



Upang humiling ng mga serbisyong NMT na pinahintulutan, tawagan ang Koordinasyon ng Pangangalaga sa (800) 809-1350 o MTM sa (888) 828-1254 (Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m.) nang hindi bababa sa 5 araw ng trabaho bago ang inyong appointment. O tumawag sa lalong madaling panahon kapag mayroon kayong agarang appointment. Mangyaring siguraduhing hawak ninyo ang PHC ID card ninyo kapag tatawag kayo.

Tandaan: Maaaring makipag-ugnayan ang mga American Indian sa kanilang lokal na IHC upang humiling ng mga serbisyo ng NMT.

### ***Mga limitasyon ng NMT***

Walang limitasyon ang pagkuha ng NMT papunta o pauwi mula sa mga medikal, dental, kalusugan ng pag-iisip at karamdaman sa paggamit ng substansya na appointment na sakop ng PHC kapag pinahintulutan ito ng isang tagapagbigay ng serbisyo para sa inyo. Kung ang uri ng appointment ay sakop ng Medi-Cal ngunit hindi sa pamamagitan ng planong pangkalusugan, ipagkakaloob o tutulungan kayo ng inyong planong pangkalusugan na itakda ang inyong transportasyon. Hindi maaaring mga miyembro mismo ang magmaneho o direktang mabayaran sa nagastos.

### ***Ano ang hindi uma-apply?***

Hindi uma-apply ang NMT kung:

- Ang isang ambulansya, litter van, wheelchair van, o iba pang uri ng NEMT ay kinakailangan dala ng medikal na dahilan upang makapunta sa isang sakop na serbisyo.
- Kailangan ninyo ng tulong mula sa drayber upang makapunta at galing sa tirahan, sasakyan, o lugar ng paggamot dahil sa isang kapansanan ng katawan o pag-iisip.
- Gumagamit kayo ng wheelchair at hindi kayo makapasok at makalabas sa sasakyan nang hindi tinutulungan ng driver.
- Ang serbisyo ay hindi sakop ng Medi-Cal.

### ***Halagang babayaran ng miyembro***

Walang halagang babayaran kapag pinahintulutan ng PHC ang transportasyon.

### **Pangmatagalang mga serbisyo at suporta (LTSS)**

Sakop ng PHC ang mga ganitong benepisyong LTSS para sa mga miyembro na kwalipikado:

- Mga serbisyo sa pasilidad ng skilled nursing ayon sa inaprubahan ng PHC
- Mga Serbisyong Nasa Tahanan o Komunidad ayon sa inaprubahan ng PHC

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

## Koordinasyon ng Pangangalaga

Nag-aalok ang PHC ng mga serbisyo na makakatulong sa inyong ikoordina ang inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan nang wala kayong babayaran.

Kung mayroon kayong mga tanong o alalahanin tungkol sa inyong kalusugan o sa kalusugan ng inyong anak, tumawag sa Koordinasyon ng Pangangalaga sa (800) 809-1350 (TTY/TDD (800) 735-2929 O 711).

### ***California Children's Services (CCS)/ Whole Child Model (WCM) Program***

Ang CCS ay isang programa ng estado na gumagamot sa mga batang wala pang 21 taon na may mga seryosong kondisyon sa kalusugan at nakakatugon sa mga pamantayan ng programang CCS.

Tungkulin ng PHC na ikoordina ang mga serbisyong sakop ng kapwa CCS at Medi-Cal. Ang mga serbisyong sakop ng Medi-Cal ay maaaring kinabibilangan ng mga pagpapasuri ng katawan, pagbabakuna, at pagpapatingin ng batang walang sakit. Ang koordinadong pangangalagang ito ay tinatawag na programang Whole Child Model (WCM).

Layunin ng programang WCM na tulungan ang mga batang CCS at ang kanilang mga pamilya na makakuha ng mas mabuting koordinasyon ng pangangalaga at pag-access sa pangangalaga.

Kung iniisip ng PHC o ng tagapagbigay ng serbisyo sa inyong anak na may kondisyon ang inyong anak na maaari sa CCS, susuriin siya para alamin kung karapat-dapat siya sa CCS ng county. Ipapasya ng mga tauhan ng inyong county sa CCS eligibility kung kwalipikado ang inyong anak para sa CCS. Kung kwalipikado ang inyong anak, makakatanggap siya ng pangangalagang CCS sa pamamagitan ng programang WCM.

Sakop ng CCS ang karamihan ng mga kondisyon sa kalusugan na nagdudulot ng mga pisikal na kapansanan. Maaari ding isama ng CCS sa sakop nito ang mga problema na nangangailangan ng paggamot gamit ang mga gamot, operasyon o rehabilitasyon. Sakop ng CCS ang mga bata na may mga kondisyon ng kalusugan na tulad ng:

- Congenital heart disease
- Kanser
- Tumor
- Hemophilia
- Sickle cell anemia
- Problema sa thyroid
- Diabetes
- Seryosong hindi gumagaling-galing na problema sa bato
- Sakit sa atay
- Sakit sa bituka
- Cleft lip/palate
- Spina bifida

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

- Pagkawala ng pandinig
- Katarata
- Cerebral palsy
- Seizure sa ilalim ng mga partikular na pangyayari
- Rheumatoid arthritis
- Muscular dystrophy
- AIDS
- Malalang pinsala sa ulo, utak o kordon ng gulugod
- Malalang pagkapaso
- Sobrang baluktot na mga ngipin

Ang Medi-Cal ang magbabayad para sa mga serbisyo ng CCS. Kung hindi kwalipikado ang inyong anak para sa mga serbisyo ng programang CCS, patuloy siyang makakatanggap ng medikal na kinakailangang pangangalaga mula sa PHC.

Upang alamin ang higit pa tungkol sa CCS, maaari kayong bumisita sa website ng CCS sa [www.dhcs.ca.gov/services/ccs](http://www.dhcs.ca.gov/services/ccs). O tumawag sa amin sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711).

### **Sistema ng Paghahatid na Isinaayos ng Drug Medi-Cal (DMC-ODS)/ Programang Kagalingan ng Katawan at Paggaling (W&R)**

Ang DMC-ODS ay isang programa ng estado na nagbibigay-daan sa PHC na magbigay ng mga serbisyong paggamot sa sakit na pang-aabuso sa substansya sa pakikipagtulungan sa iba pang pangangalaga gaya ng mga serbisyo sa kalusugan ng katawan at pag-iisip. Maaaring kasama rito ang pantahanan, intensive outpatient, o paggamot sa outpatient, at pati na rin, ang opiate at iba pang paggamot na tinutulungan ng gamot, at mga serbisyo sa paggaling.

Responsable ang PHC sa pangangasiwa ng mga serbisyo na para sa mga miyembro na nasa county ng Humboldt, Lassen, Mendocino, Modoc, Shasta, Siskiyou, at Solano. Tinatawag namin itong Programang Kagalingan ng Katawan at Paggaling (W&R).

Layunin ng programang W&R na magbigay ng mga serbisyong paggamot sa sakit na pang-aabuso sa substansya para sa mga taong lumalaban sa alkohol at/o adiksiyon sa droga. Kung sa palagay ninyo ay kailangan ninyo ng mga serbisyong paggamot sa sakit na pang-aabuso sa substansya, maaari kayong humiling ng pagsusuri mula sa inyong PCP o sa pamamagitan ng pagtawag sa Beacon sa (855) 765-9703.

Kung kayo ay miyembro ng PHC at hindi nakatira sa isa sa mga county ng W&R ng PHC, tawagan ang inyong lokal na county:

- Del Norte  
(707) 464-4813

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

- Lake  
(707) 274-9101 (North Lake area)  
(707) 994-6494 (South Lake area)
- Napa  
(707) 253-4412 Mga nasa hustong gulang  
(707) 255-1855 Mga tinedyer
- Marin  
(888) 818-1115
- Sonoma  
(707) 565-7450
- Trinity  
(530) 623-1362
- Yolo  
(916) 403-2970

Tingnan ang “Mga serbisyo sa sakit na pang-aabuso sa substansya” sa pahina 54 para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyong iniaalok ng county.

---

## Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal

### Mga iba pang serbisyo na makukuha ninyo sa pamamagitan ng Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal

Minsan hindi isinasama ng PHC sa sakop ang mga serbisyo, ngunit makukuha pa rin ninyo ang mga ito sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal. Inililista ng seksyong ito ang mga serbisyong ito. Upang alamin ang higit pa, tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711).

### ***Mga serbisyo ng espesyalista sa kalusugan ng pag-iisip***

Nagkakaloob ang mga planong pangkalusugan sa pag-iisip ng county ng mga serbisyo ng espesyalista sa kalusugan ng pag-iisip (SMHS) sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal na nakatutugon sa mga patakaran ng pangangailangang medikal. Maaaring kasama sa SMHS ang mga serbisyong ito na pang-outpatient, pantahanan at pang-inpatient:

- Mga serbisyong outpatient
  - Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip (mga pagsusuri, pagbuo ng plano, terapiya, rehabilitasyon at collateral)
  - Mga serbisyong tulong sa gamot

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

- Mga masinsinang serbisyong pang-araw na paggamot
- Mga pang-araw na rehabilitasyon
- Mga serbisyong pamamagitan sa krisis
- Mga serbisyong pagpapanatag ng krisis
- Mga serbisyong pangangasiwa ng tina-target na kaso
- Mga serbisyong pangterapiya sa pag-uugali
- Masinsinang koordinasyon ng pangangalaga (ICC)
- Masinsinang mga serbisyong nakabase sa tahanan (IHBS)
- Pangangalaga sa ampunan na pangterapiya (TFC)
- Mga serbisyong pantahanan
  - Mga serbisyong paggamot sa nasa hustong gulang sa tahanan
  - Mga serbisyong paggamot sa krisis sa tahanan
- Mga serbisyong pang-inpatient
  - Mga serbisyo ng ospital para sa inpatient na talamak na saykayatriko
  - Mga serbisyong propesyonal ng ospital para sa inpatient na saykayatriko
  - Mga serbisyo ng pasilidad para sa kalusugang saykayatriko

Upang malaman ang higit pa tungkol sa mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip na ibinibigay ng plano sa kalusugan ng isip ng county, maaari kayong tumawag sa plano sa kalusugan ng isip ng inyong county. Upang online na maghanap ng mga toll-free na numero ng telepono ng lahat ng county, bumisita sa [www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx).

### ***Mga serbisyo sa ngipin***

Isinasama ng Medi-Cal sa sakop ang ilang serbisyo sa ngipin para sa mga bata hanggang sa edad na 21, kabilang ang:

- Mga Screening ng Ngipin at Mga Referral sa mga dentista o espesyalista
- Pagpapahid ng fluoride para sa mga batang wala pang 6 na taon
- Kalinisan ng ngipin na pangdiyagnostiko at pag-iwas sa sakit (gaya ng mga eksaminasyon, X-ray at paglilinis ng mga ngipin)
- Mga pang-emergency na serbisyo para sa pagkontrol ng kirot
- Mga pagbunot ng ngipin
- Mga pagpapasta
- Mga paggamot na root canal (anterior/posterior)
- Mga korona (prefabricated/laboratoryo)
- Scaling at pagpapalano ng root
- Pagmamantini na periodontal
- Kumpleto at bahagyang pustiso
- Orthodontics para sa mga bata hanggang edad 21

Kung mayroon kayong mga tanong o gusto ninyong malaman ang higit pa tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tawagan ang Denti-Cal sa (800) 322-6384 (TTY/TDD

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

(800) 735-2922 o 711). Maaari din ninyong bisitahin ang Denti-Cal website sa [denti-cal.ca.gov](http://denti-cal.ca.gov).

### **Mga serbisyo sa sakit na pang-aabuso sa substansya**

Nagbibigay ang county ng mga serbisyo sa sakit na pang-aabuso sa substansya sa mga miyembro ng Medi-Cal na nakatutugon sa mga medikal na kinakailangang panuntunan. Ang mga miyembro na natukoy para sa mga serbisyo ng paggamot sa sakit na pang-aabuso sa substansya ay ire-refer sa departamento para sa paggamot ng kanilang county. Upang online na maghanap ng mga numero ng telepono ng lahat ng county, bisitahin ang [www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD\\_County\\_Access\\_Lines.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD_County_Access_Lines.aspx).

Para sa mga miyembro na nasa county ng Humboldt, Lassen, Mendocino, Modoc, Shasta, Siskiyou, at Solano, tingnan ang “Sistema ng Paghahatid na Isinaayos ng Drug Medi-Cal (DMC-ODS)/ Programang Kagalingan ng Katawan at Paggaling (W&R)” sa pahina 53 para malaman ang higit pa tungkol sa mga serbisyo ng SUD na iniaalok ng PHC.

### ***Matagalang pangangalaga sa institusyon***

Sakop ng PHC ang pangmatagalang pangangalaga para sa buwan na papasok kayo sa isang pasilidad at sa buwan pagkatapos nito. **Hindi** isinasama ng PHC sa sakop ang pangmatagalang pangangalaga kung mamamalagi kayo nang mas matagal.

Sakop ng FFS Medi-Cal ang inyong pamamalagi kung mas matagal ito kaysa sa buwan matapos ninyong pumasok sa isang pasilidad. Upang alamin ang higit pa, tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711)

### **Mga serbisyong hindi ninyo makukuha sa pamamagitan ng PHC o FFS Medi-Cal**

May ilang serbisyo na hindi isasama ng PHC o ng Medi-Cal sa sakop, kabilang ang:

- Mga serbisyo na hindi kasama sa Medi-Cal sa ilalim ng batas ng estado o pederal na pamahalaan
- Operasyon sa parehong araw o pagka-admit sa ospital para lamang sa layunin ng karaniwang pagpapatuli
- Mga Serbisyo ng Paggamot sa Sakit na Pang-aabuso sa Substansya na tinatawag minsan na Sistema ng Paghahatid na Isinaayos ng Drug Medi-Cal (DMC-ODS) sa county ng Del Norte, Lake, Napa, Marin, Sonoma, Trinity, at Yolo
- Operasyong pangkosmetiko (operasyon na ginagawa upang palitan ang inyong katawan para pagandahin ang inyong itsura)
- Kustodial na pangangalaga. Ang ilang kustodial na pangangalaga ay maaaring

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

sakop ng Medi-Cal ng Estado. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kustodial na pangangalaga na sakop ng Medi-Cal ng Estado, tawagan ang opisina para sa pagiging kwalipikado sa Medi-Cal sa inyong Tinitirhang County.

- Mga serbisyong pag-eeksperimento at pagsisiyasat, maliban sa mga partikular na pangyayari at palaging nangangailangan ng nauunang pag-apruba mula sa PHC.
- Kawalan ng kakayahang magkaanak, kabilang ang pagbaliktad sa sterilization
- Mga bakuna para sa sports (mga nasa hustong gulang), trabaho o pagbibiyah
- Mga bagay para sa pansariling kaginhawaan tulad ng telepono, TV o tray ng bisita kapag kayo ay nasa ospital
- Mga serbisyo na hindi kinakailangan dala ng medikal na dahilan

Basahin ang bawat seksyon sa ibaba upang alamin ang higit pa. O tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711).

---

## Koordinasyon ng mga benepisyo

Kung mayroon kayong iba pang insurance, tulad ng Medicare o pangkomersyal na coverage sa pamamagitan ng inyong trabaho o inyong pamilya (sa isang kompanyang katulad ng Blue Cross of California, Blue Shield of California, Health Net, o Kaiser Permanente), kailangan ninyong kunin muna ang inyong pangangalagang sakop ng inyong “pangunahing” insurance. Ito ay tinatawag na Koordinasyon ng mga Benepisyo.

Ang Medi-Cal ang “huling tagapagbayad” ayon sa batas ng estado at pederal na pamahalaan. Ibig sabihin nito na hindi maaaring bayaran ng Medi-Cal ang pangangalagang pangkalusugan kung maaaring bayaran muna ng iba pang insurance plan ninyo ang parehong pangangalagang pangkalusugan.

Hindi magbabayad ang PHC para sa pangangalagang pangkalusugan maliban kung binayaran na ng inyong pangunahing insurance ang kanilang parte, o hindi inaprubahan ang pangangalagang pangkalusugan bilang hindi sakop.

Iniaalok namin ang mga serbisyo upang tulungan kayong ikoordina ang inyong pangangalagang pangkalusugan nang wala kayong babayaranang halaga. Kung mayroon kayong mga tanong o ikinababahalang tungkol sa kung paano gumagana ang Medi-Cal kasama ang inyong iba pang insurance, tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711).

---

## Ebalwasyon ng bagong teknolohiya

Ang Ebalwasyon ng Bagong Teknolohiya, kilala rin bilang ini-eksperimento o sinisiyasat

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

na paggamot, ay isang pagbabago o pagsulong sa pangangalagang pangkalusugan. Pinag-aaralan ng mga medikal na tauhan ng PHC ang mga bagong paggamot, gamot, pamamaraan at aparato. Karaniwan ay hindi sakop ng Medi-Cal o PHC ang Bagong Teknolohiya, ngunit maaaring hingin ng inyong tagapagbigay ng serbisyo sa PHC na pag-aralan ang kahilingan para sa coverage ng Bagong Teknolohiya.

Kung gusto ninyong pag-aralan ng PHC ang isang kahilingan para sa coverage ng Bagong Teknolohiya, hingin sa inyong PCP o espesyalista na humingi ng Nauunang Pag-apruba mula sa PHC. Pag-aaralan ng PHC ang impormasyon tungkol sa Bagong Teknolohiya, kabilang ang inirerekomendang gamit at ang kaligtasan ng Bagong Teknolohiya. Matapos pag-aralan ng mga medikal na espesyalista, ipapaalam sa inyo ng PHC kung ang kahilingan ay aaprubahan o hindi.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).



# 5. Mga Karapatan at responsibilidad

Bilang miyembro ng PHC, mayroon kayong mga karapatan at responsibilidad. Ipaliliwanag ng kabanatang ito ang mga karapatan at responsibilidad na iyon. Kabilang din sa kabanatang ito ang mga legal na paunawa na nararapat sa inyo bilang miyembro ng PHC.

---

## Ang inyong mga karapatan

Ang mga miyembro ng PHC ay may mga karapatang ganito:

- Upang magamot nang may paggalang at pagkilala, binibigyan ng angkop na konsiderasyon ang inyong karapatan sa pagkapribado at ang pangangailangang mapanatili ang pagkakumpidensyal ng inyong medikal na impormasyon.
- Upang magkaroon ng karapatang maging malaya mula sa anumang anyo ng pagpigil o pagbubukod na ginagamit bilang isang paraan ng pamimilit, pagdisiplina, o paghihiganti.
- Upang mabigyan ng impormasyon tungkol sa PHC, ang aming mga serbisyo, practitioner at provider, kasama ang mga Saklaw na Serbisyo at mga karapatan at responsibilidad ng miyembro.
- Upang makagawa ng mga rekomendasyon tungkol sa mga patakaran sa mga karapatan at responsibilidad ng miyembro ng PHC.
- Upang makapili ng provider ng pangunahing pangangalaga sa loob ng network ng PHC.
- Upang magkaroon ng napapanahong pag-aaccess sa mga provider na nasa network.
- Upang sumali sa paggawa ng desisyon tungkol sa sarili ninyong pangangalaga ng kalusugan, kabilang ang karapatang tanggihan ang paggamot.
- Upang makatanggap ng impormasyon tungkol sa mga magagamit na opsyon sa paggamot at mga alternatibo, na ipinahayag sa paraang angkop sa kondisyon ninyo at kakayahang makaintindi, anuman ang halaga o saklaw ng benepisyo.
- Upang ipahayag ang mga karaingan, alinman sa berbal o sa pagsulat tungkol sa

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

PHC o sa pangangalagang natanggap ninyo.

- Upang humingi ng tulong mula sa isang tagapagtaguyod ng pasyente, provider, ombudsperson o sinumang tao na inyong pinili.
- Upang humiling ng pinabilis na karaingan sa mga pagkakataong maaaring sangkot ang malubhang banta sa inyong kalusugan tulad ng matinding kirot, pagkawala ng binti o braso at o buhay.
- Upang makatanggap ng koordinasyon ng pangangalaga.
- Upang humiling ng pagrepaso at paglutas ng isang apela sa loob ng 60 araw kapag ang PHC o isang entidad na kumakatawan sa PHC ay tinatanggihan, inaantala, o binabago ang isang hiniling na serbisyo. Maaaring hilingin nang berbal ang apela, ngunit dapat isunod ang nakasulat na apela. Maaari din kayong humiling ng pinabilis na apela sa mga pagkakataong maaaring sangkot ang isang malubhang banta sa inyong kalusugan tulad ng matinding kirot, pagkawala ng binti o braso at o buhay na magdudulot ng matinding pinsala sa inyong kalusugan.
- Upang makatanggap ng mga serbisyong berbal na pagsasalin para sa inyong wika. May karapatan kayong humiling ng interpreter nang wala kayong babayaran. Hindi kayo dapat gumamit ng mga bata upang mag-interpret para sa inyo.
- Upang makatanggap ng nakasulat na babasahin na nagbibigay kaalaman sa miyembro sa mga alternatibong format (kabilang ang Braille, malalaking naka-print na letra, at audio na format) kapag hiniling at sa tamang panahon na angkop para sa format na hinihiling at alinsunod sa Welfare & Institutions Code Section 14182 (b)(12).
- Upang makakuha ng libreng legal na tulong sa opisina ng inyong lokal na legal na tulong o iba pang grupo.
- Upang magbalangkas ng mga paunang direktiba.
- Upang humingi ng Pagdinig ng Estado kung tinanggahin ang serbisyo o benepisyo at nakapagsampa na kayo ng apela sa PHC at hindi pa rin kayo masaya sa desisyon, o kung hindi ninyo nakuha ang desisyon sa inyong apela pagkatapos ng 30 araw. May karapatan din kayo sa impormasyon tungkol sa kung paano makakuha ng isang Pinabilis na Pagdinig ng Estado.
- Upang maka-access sa Mga Serbisyong ng Pagpapahintulot sa Menor de Edad.
- Upang maging malaya mula sa anumang anyo ng pagpigil o pagbubukod na ginagamit bilang isang paraan ng pamimilit, pagdisiplina, kaginhawahan, o paghihiganti.
- Upang magkaroon ng access sa at makatanggap ng kopya ng inyong mga medikal na rekord, at humiling na ang mga ito ay baguhin o itama, ayon sa tinutukoy sa 45 CFR §164.524 at 164.526.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

- Maging malaya na gamitin ang mga karapatang ito nang hindi naapektuhan nang masama ang kung paano kayo tinatrato ng Kontratista, mga provider o ng Estado.
- Upang magkaroon ng access sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, Mga Hiwalay na Sentro ng Paanakan (Freestanding Birth Centers), Mga Sentrong Pangkalusugan na Kuwalipikado ng Pederal (Federally Qualified Health Centers), Mga Klinikang Pangkalusugan para sa Indian (Indian Health Clinics), mga serbisyo ng komadrona, Mga Sentrong Pangkalusugan sa Kanayunan (Rural Health Centers), mga serbisyo para sa sakit na naipapasa sa pakikipagtalik at Mga Serbisyong Pang-emergency sa labas ng aming network alinsunod sa batas ng pederal na pamahalaan.

---

## Ang inyong mga responsibilidad

Responsibilidad ng PHC ang mga sumusunod:

- Responsibilidad ninyong tratuhin ang inyong (mga) tagapagbigay ng serbisyo at ang kanilang mga tauhan sa marespeto at magalang na paraan.
- Responsibilidad ninyong pumunta sa inyong mga appointment sa tamang oras. Kung hindi kayo makakapunta sa isang appointment, kailangan ninyong tawagan ang inyong tagapagbigay ng serbisyo nang hindi bababa sa 24 na oras bago ang appointment upang kanselahin ito o palitan ang iskedyul.
- Responsibilidad ninyong tratuhin ang mga tauhan ng PHC sa marespeto at magalang na paraan.
- Responsibilidad ninyo ang paggawa ng mga kahilingan, tulad ng para sa transportasyon, nang maaga, at pagtawag sa PHC upang kanselahin ang anumang transportasyon kung kailangan ninyong kanselahin o palitan ang iskedyul ng inyong medikal na appointment.
- Gumanap ng aktibong papel sa inyong pangangalaga. Responsibilidad ninyo ang pagbibigay sa hangganang maaari, ng impormasyon na kailangan ng PHC at ng mga tagapagbigay nito ng serbisyong medikal upang pangalagaan kayo. Responsibilidad ninyo ang pakikipag-usap sa inyong tagapagbigay ng serbisyong medikal tungkol sa mga bagay na maaari ninyong gawin upang mapabuti ang inyong kabuuang kalusugan.
- Pag-intindi sa mga pagpipiliang paggamot. Responsibilidad ninyong intindihin ang mga pagpipiliang paggamot at makibahagi sa paggawa ng pinagkasunduang mga layunin sa paggamot sa hangganang maaari.
- Pagtawag sa inyong tagapagbigay ng serbisyo. Responsibilidad ninyo ang pagtawag sa inyong tagapagbigay ng serbisyo para sa mga appointment kapag

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

kailangan ninyo ng pangangalagang medikal, kabilang ang mga karaniwang pagpapatingin.

- Makinig at makipagtulungan sa inyong tagapagbigay ng serbisyo. Responsibilidad ninyong sabihin sa inyong tagapagbigay ng serbisyong medikal ang tungkol sa inyong kondisyong medikal at anumang gamot na iniinom ninyo. Responsibilidad ninyong sundin ang mga tagubilin para sa pangangalaga na natanggap ninyo mula sa inyong tagapagbigay ng serbisyong medikal.
- Gamitin ang Emergency Room (ER) para lamang sa emergency. Responsibilidad ninyo ang paggamit sa emergency room sa mga kaso ng emergency o ayon sa ibinilin ng inyong tagapagbigay ng serbisyo o ng Tagapayong Nurse ng PHC.
- Responsibilidad ninyong isumbong sa PHC ang pandaraya o hindi tamang gawain. Maaari ninyong gawin ito nang hindi ibinigay ang inyong pangalan sa pamamagitan ng pagtawag sa hotline ng PHC sa (800) 601-2146, 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Maaari din kayong tumawag sa toll-free na Hotline para sa Pandaraya at Pang-aabuso sa Medi-Cal sa Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (DHCS) sa (800) 822-6222.

---

## **Abiso sa mga Patakaran sa Pagkapribado**

ISANG PAHAYAG NA NAGLALARAWAN NG MGA PATAKARAN AT PAMAMARAAN NG PHC PARA SA PAG-IINGAT SA KUMPIDENSIYALIDAD NG MGA TALAANG MEDIKAL ANG MAKUKUHA AT IBIBIGAY SA INYO KAPAG HININGI NINYO.

### **Petsa na Magkakabisa ang Paunawa na ito**

Ang paunawa na ito ay na-update at nagkaroon ng bisa sa Nobyembre 8, 2017.

### **Bakit ko natatanggap ang Paunawa na ito?**

Inaatasan ng batas ang Partnership HealthPlan of California na bigyan kayo ng sapat na paunawa tungkol sa mga paggamit at pagsisiwalat sa inyong protektadong impormasyong pangkalusugan na gustong gawin ng PHC, at ang mga karapatan ninyo at ang aming mga legal na tungkulin at na abisuhan kayo kasunod ng paglabag sa inyong hindi ligtas na impormasyong pangkalusugan kung saan ang inyong protektadong impormasyong pangkalusugan (PHI) ang pinag-uusapan. Ang PHI ay impormasyong pangkalusugan na naglalaman ng mga tagatukoy, tulad ng inyong pangalan, numero sa Social Security, o iba pang impormasyon na nagbubunyag kung sino kayo.

Sumasang-ayon kaming sundin ang mga takda ng Paunawa na ito tungkol sa mga Patakaran sa Pagkapribado. May karapatan din kaming palitan ang mga takda ng paunawa na ito kung kinakailangan, at na gumawa ng bagong paunawa na iiral sa lahat ng impormasyong pangkalusugan na itinatahi namin. Kung kailangan naming gumawa

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

ng anumang pagbabago, ilalagay namin ito sa aming website at aabisuhan kayo sa pamamagitan ng sulat sa aming susunod na taunang sulat sa inyo sa address ninyo na nasa aming mga talaan. Kung natanggap ninyo ang paunawa na ito sa elektronikong paraan, may karapatan kayong humingi ng nakasulat sa papel na kopya mula sa amin sa anumang oras.

### **Paano ginagamit at isinisiwalat ng Partnership HealthPlan of California (PHC) ang aking impormasyong pangkalusugan?**

Ang PHC ay nagtatabi ng mga rekord ng kalusugan tungkol sa inyo, kabilang ang inyong kasaysayan ng mga claim, impormasyon sa pagpapatala sa planong pangkalusugan, mga rekord sa pamamahala ng kaso, at mga paunang awtorisasyon para sa paggamot na tinatanggap ninyo. Ginagamit at isinisiwalat namin ang impormasyong ito sa iba para sa mga sumusunod na dahilan:

- **Paggamot.** Ginagamit ng PHC ang inyong impormasyong pangkalusugan upang ayusin ang inyong pangangalagang pangkalusugan, at isinisiwalat namin ito sa mga ospital, klinika, doktor at iba pang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang bigyan sila ng pagkakataong ipagkaloob sa inyo ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, itinatabi ng PHC ang inyong impormasyong pangkalusugan sa elektronikong porma, at pinahihintulutan ang mga botika na magkaroon ng on-line access dito upang maibigay sa inyo ang mga naaangkop na reseta.
- **Bayad.** Ginagamit at isinisiwalat ng PHC ang inyong impormasyong pangkalusugan upang padaliin ang pagbabayad para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na natatanggap ninyo, kabilang ang pagpapasya sa inyong pagiging kwalipikado para sa mga benepisyo, at sa pagiging kwalipikado ng inyong tagapagbigay ng serbisyo para sa bayad. Halimbawa, ipinagbibigay-alam namin sa mga tagapagbigay ng serbisyo na kayo ay miyembro ng aming plano, at sinasabi sa kanila ang inyong mga kwalipikadong benepisyo.
- **Mga Pagpapatakbo ng Pangangalagang Pangkalusugan.** Ginagamit at isinisiwalat ng PHC ang inyong impormasyong pangkalusugan ayon sa kinakailangan upang mapatakbo namin ang aming planong pangkalusugan. Halimbawa, ginagamit namin ang impormasyon ng aming mga miyembro tungkol sa mga claim para sa pagsasagawa ng pagtatasa ng kalidad at gawaing pagpapahusay, mga gawain para sa kaligtasan ng pasyente, mga gawain sa pamamahala ng negosyo at pangkalahatang administratibong gawain, at pagrerepaso sa kahusayan o mga kwalipikasyon ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

- **Underwriting.** Para sa mga layunin ng underwriting o kaparehong layunin, tulad ng premium rating o iba pang mga gawaing nauugnay sa paglikha, pagpapanibago o pagpapalit ng kontrata ng insurance o mga benepisyo sa kalusugan ayon sa hinihingi ng batas, ngunit hindi maaaring kasama ang genetic na impormasyon.
- **Mga Kasamahan sa Negosyo.** Maaaring makipagkontrata ang PHC sa mga kasamahan sa negosyo para isagawa ang mga partikular na tungkulin o gawain para sa amin, tulad ng pagpapadali sa pagpapalitan ng impormasyong pangkalusugan, kung saan ang inyong impormasyong pangkalusugan ay madaling ma-a-access ng inyong mga doktor o para magbigay ng mga paalala tungkol sa appointment.
- **Pagpapalitan ng Impormasyong Pangkalusugan (HIE).** Ang PHC ay nakikilahok sa maraming Pagpapalitan ng Impormasyong Pangkalusugan (mga HIE), na nagpapahintulot sa mga tagapagbigay ng serbisyo na ikoordina ang pangangalaga at magbigay sa aming mga miyembro ng mas mabilis na access. Tumutulong ang mga HIE sa mga tagapagbigay ng serbisyo at opisyal ng kalusugan ng publiko sa paggawa ng mga napaliwanagang desisyon, pag-iwas sa nadodobleng pangangalaga (tulad ng mga pagsusuri), at pagbabawas sa posibilidad ng mga medikal na pagkakamali. Sa pamamagitan ng pakikilahok sa isang HIE, maaaring ibahagi ng PHC ang inyong impormasyon sa kalusugan sa iba pang mga tagapagbigay ng serbisyo at kalahok ayon sa pinahihintulutan ng batas. Kung hindi ninyo gustong maibahagi ang inyong medikal na impormasyon sa HIE, kailangan ninyong gawin ang kahilingang ito sa PHC mismo. Sasabihin sa inyo ng seksyon sa ibaba na 'Mga Indibidwal na Karapatan' kung paano.

(Tandaan: Sa ilang sitwasyon, maaaring hindi puwedeng isiwalat ang inyong impormasyong pangkalusugan. Halimbawa, ang diagnosis at paggamot sa kalusugan ng pag-iisip, diagnosis o paggamot para sa sobrang paggamit ng droga o alak, at STD; pamigil sa pagbubuntis; o mga resulta ng pagsusuri sa HIV ay itinuturing lahat bilang 'Mga Protektadong Rekord' at kailangan ang inyong direktang awtorisasyon para maibahagi.)

Kapag nagtatrabaho para magproseso ng bayad, magbigay ng pangangalaga sa aming mga miyembro, o sa aming mga pang-araw-araw na pagpapatakbo, maaaring isiwalat ng PHC ang inyong impormasyong pangkalusugan sa aming mga contractor. Bago kami gumawa ng anumang mga pagsisiwalat para sa bayad o mga layunin sa pagpapatakbo, kumukuha kami ng kasunduan sa kumpidensiyalidad mula sa bawat contractor. Halimbawa, ang mga kompanyang nagbibigay o nagmementena sa aming mga serbisyo sa computer ay maaaring magkaroon ng access sa impormasyong pangkalusugan habang ipinagkakaloob nila ang mga serbisyo. Nagsisikap ang PHC upang siguraduhin na ang aming mga

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

tagapagbigay ng serbisyo ay kaunti lamang ang kontak sa inyong impormasyong pangkalusugan hangga't maaari.

- **Komunikasyon at Pagbebenta:** Hindi gagamitin ng PHC ang inyong impormasyong pangkalusugan para sa mga layunin ng pagbebenta kung saan tumatanggap kami ng bayad nang wala kayong paunang nakasulat na awtorisasyon. Maaaring gamitin ng PHC ang inyong impormasyong pangkalusugan para sa mga layuning pamamahala ng kaso o koordinasyon ng pangangalaga at mga kaugnay na tungkulin nang wala kayong awtorisasyon. Maaaring magbigay ng mga paalala ang PHC tungkol sa appointment o muling pagpapapuno ng reseta o ilarawan ang isang produkto o serbisyo na kabilang sa inyong plano ng benepisyo, tulad ng aming network ng tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan. Maaari ding talakayin ng PHC ang mga produkto o serbisyong nauugnay sa kalusugan na available sa inyo na nagdaragdag ng halaga, ngunit hindi bahagi ng inyong plano ng benepisyo.
- **Pagbebenta sa inyong impormasyong pangkalusugan:** Hindi namin ibebenta ang inyong impormasyong pangkalusugan nang wala kayong naunang nakasulat na awtorisasyon.
- **Pangangalap ng pondo:** Maaaring gamitin, o isiwalat ng PHC sa isang kasamahan sa negosyo o sa isang foundation na kaugnay sa institusyon, para sa mga layuning pangangalap ng pondo para sa pakinabang ng PHC, ang partikular na impormasyon nang wala kayong awtorisasyon para sa mga layuning pangangalap ng pondo, kabilang ang inyong pangalan, address, impormasyong pangkontak, edad, kasarian, petsa ng kapanganakan, mga petsa na ibinigay ang pangangalagang pangkalusugan, impormasyon ng serbisyong paggamot, gumagamot na doktor, impormasyon ng kinalabasan at katayuan sa insurance sa kalusugan. Gayunpaman, bibigyan namin kayo ng malinaw at madaling mapansing pagkakataon na piliing huwag tumanggap ng karagdagang mga komunikasyon hinggil sa pangangalap ng pondo sa paraan na hindi nagdudulot sa inyo ng walang saysay na pasanin o gastusin, at igagalang namin ang kahilingang iyon. Hindi namin gagawing kondisyon ng paggamot o bayad ang inyong desisyon kaugnay sa pagtanggap ng mga komunikasyon sa pangangalap ng pondo. Maaaring bigyan kayo ng PHC ng paraan na piliing tumanggap muli ng ganoong mga komunikasyon kung sa kalaunan ay gugustuhin ninyo ito.

### **Maaari bang mailabas ang aking impormasyong pangkalusugan nang wala akong permiso?**

Oo, maaaring isiwalat ng PHC ang impormasyong pangkalusugan nang wala kayong awtorisasyon sa mga ahensiya ng pamahalaan at mga pribadong indibidwal at organisasyon sa iba't ibang pangyayari kung saan inatasan o pinahihintulutan kami ng batas na gawin ito. Ang ilang partikular na impormasyong pangkalusugan ay maaaring

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

napapasailalim sa mga paghihigpit ng batas ng pamahalaang pederal o estado na maaaring maglimita o pumigil sa ilang paggamit o pagsisiwalat. Halimbawa, may mga espesyal na paghihigpit sa pagsisiwalat ng impormasyong pangkalusugan na nauugnay sa katayuan sa HIV/AIDS, genetic na impormasyon, paggamot sa kalusugan ng pag-iisip, mga kapansanan sa pagdeblop, at paggamot para sa pang-aabuso ng droga o alak. Sinusunod namin ang mga paghihigpit na ito sa aming paggamit ng inyong impormasyong pangkalusugan.

Kabilang ang mga sumusunod sa mga halimbawa ng mga uri ng pagsisiwalat na maaaring kailangan o pinahihintulutan ang PHC na gawin nang wala kayong awtorisasyon:

- **Kapag Hinihingi ng Batas:** Isisiwalat ng PHC ang inyong impormasyong pangkalusugan kapag inatasan ng anumang batas ng pamahalaang pederal, estado o lokal na gawin ito.
- **Kapag may mga Panganib sa Kalusugan ng Publiko:** Maaaring isiwalat ng PHC ang inyong impormasyong pangkalusugan:
  - Sa mga awtoridad sa kalusugan ng publiko o iba pang mga awtorisadong tao kaugnay ng mga gawain para sa kalusugan ng publiko, tulad ng pagpigil o pagkontrol sa karamdaman, pinsala o kapansanan o sa pagsasagawa ng pagbabantay o pag-iimbestiga sa kalusugan ng publiko
  - Upang mangolekta ng impormasyon o mag-ulat ng masasamang pangyayari na nauugnay sa kalidad, kaligtasan o pagiging epektibo ng mga produkto o gawaing pinangangasiwaan ng FDA
  - Upang Mag-ulat ng Pang-aabuso, Pagpapabaya, o Karahasan sa Tahanan: Inaatasan ang PHC na abisuhan ang mga ahensiya ng pamahalaan kung naniniwala kami na ang isang miyembro ay biktima ng pang-aabuso, pagpapabaya o karahasan sa tahanan.
- **Kaugnay ng mga Prosesong Pangkorte at Pang-administratibo:** Maaaring isiwalat ng PHC ang inyong impormasyong pangkalusugan habang ginagawa ang anumang prosesong pangkorte o pang-administratibo bilang tugon sa isang kautusan ng korte o administratibong hukuman tulad ng hayagang pinahintulutan ng naturang kautusan o bilang tugon sa isang subpoena, discovery request o iba pang prosesong naaayon sa batas, ngunit kapag gagawa lamang ang PHC ng makatwirang pagsisikap upang abisuhan kayo tungkol sa kahilingan o kumuha ng kautusang pumoprotekta sa inyong impormasyong pangkalusugan.
- **Para sa mga Layuning Pagpapatupad ng Batas:**

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).



- Ayon sa hinihingi ng batas para sa pag-uulat ng mga partikular na uri ng sugat o iba pang mga pinsala sa katawan alinsunod sa isang kautusan ng korte, warrant, subpoena, summons o kaparehong proseso
  - Para sa layuning pagtukoy o paghahanap ng suspek, taong takas sa batas, mahalagang saksi o nawawalang tao
  - Sa ilalim ng mga partikular na limitadong pangyayari, kapag kayo ay biktima ng isang krimen
  - Sa isang opisyal na tagapagpatupad ng batas kung hinihinala ng PHC na ang inyong pagkamatay ay resulta ng kriminal na gawain kabilang ang kriminal na gawain sa PHC
  - Sa isang emergency upang mag-ulat ng krimen
- 
- **Sa mga Coroner at Medical Examiner:** Maaaring isiwalat ng PHC ang inyong impormasyong pangkalusugan sa mga coroner at medical examiner para sa mga layunin na pag-alam ng sanhi ng inyong pagkamatay o para sa iba pang mga tungkulin, ayon sa pinahihintulutan ng batas.
  - **Sa mga Direktor ng Punerarya:** Maaaring isiwalat ng PHC ang inyong impormasyong pangkalusugan sa mga direktor ng punerarya nang naaayon sa naaangkop na batas, at kung kinakailangan, upang isagawa ang kanilang mga tungkulin kaugnay ng pag-aayos sa inyong libing. Kung kinakailangan upang isagawa ang kanilang mga tungkulin, maaaring isiwalat ng PHC ang inyong impormasyong pangkalusugan bago ang, at sa makatwirang paghahanda para sa, inyong pagkamatay.
  - **Para sa Donasyon ng Organ, Mata o Tissue:** Maaaring gamitin o isiwalat ng PHC ang inyong impormasyong pangkalusugan sa mga organisasyong nangangalap ng organ o iba pang mga entidad na gumagawa ng pangangalap, pag-iimbak at pagta-transplant ng mga organ, mata o tissue para sa layuning pagpapadali sa donasyon at pagta-transplant, kung gugustuhin ninyo.
  - **Kung Magkaroon ng Seryosong Banta sa Kalusugan at Kaligtasan:** Kung naaayon sa naaangkop na batas at mga etikal na pamantayan ng kilos at pag-uugali, maaaring isiwalat ng PHC ang inyong impormasyong pangkalusugan kung naniniwala ang PHC nang may mabuting layunin, na ang ganoong pagsisiwalat ay kinakailangan upang maiwasan o mabawasan ang seryoso o napipintong panganib sa inyong kalusugan o kaligtasan o sa kalusugan at kaligtasan ng publiko.
  - **Para sa mga Natukoy na Tungkulin ng Pamahalaan:** Maaaring magsiwalat ang PHC sa mga awtorisadong opisyal ng pederal na pamahalaan sa mga gawain kaugnay ng pambansang seguridad o para sa pagbibigay ng mga serbisyong pangprotekta sa mga opisyal.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

- **Para sa Bayad-Pinsala sa mga Manggagawa:** Maaaring ilabas ng PHC ang inyong impormasyong pangkalusugan para sa bayad-pinsala sa manggagawa o mga kahalintulad na programa.
- **Sa isang Koreksiyonal na Institusyon o Opisyal sa Pagpapatupad ng Batas:** Kung kayo ay bilanggo sa isang koreksiyonal na institusyon o nasa ilalim ng kustodiya ng isang opisyal sa pagpapatupad ng batas, maaaring ibigay ng PHC ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo sa institusyon o sa opisyal.  
Sa iba pang mga ahensiyang nangangasiwa ng mga programa ng pamahalaan sa mga benepisyong pangkalusugan, ayon sa pinahintulutan o hinihingi ng batas.
- **Para sa mga Layunin ng Imyunisasyon:** Sa isang paaralan, tungkol sa isang miyembro na isang estudyante o nagbabalak na maging estudyante ng paaralan, ngunit kapag lamang: (1) ang impormasyong isinisiwalat ay limitado sa katibayan ng imyunisasyon; (2) ang paaralan ay inaatasan ng Estado o ng iba pang batas na magkaroon ng ganoong katibayan ng imyunisasyon bago tanggapin ang miyembro; at (3) may nakadokumentong pagsang-ayon ng miyembro o ng tagapag-alaga ng miyembro.
- **Para sa mga Layuning Pagtulong sa Panahon ng Sakuna:** Maaaring isiwalat ng PHC sa isang pampubliko o pribadong entidad na pinahintulutan ng batas o ng charter nito na tumulong sa mga gawaing pagtulong sa panahon ng sakuna.
- **Para sa mga Layunin ng Pananaliksik:** Maaaring gamitin o isiwalat ng PHC ang protektadong impormasyong pangkalusugan para sa mga layunin ng pananaliksik.

**Maaari bang makatanggap ng impormasyon tungkol sa akin ang ibang mga tao na nakikibahagi sa aking pangangalaga?**

Oo, maaaring ibigay ng PHC ang impormasyong pangkalusugan sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya na kabahagi sa inyong pangangalaga, o na siyang nagbabayad para sa inyong pangangalaga, hangga't ipinapasya namin na kinakailangan ito para sa kanilang pakikibahagi maliban kung partikular ninyong hingin sa amin na huwag gawin ito at sasang-ayon kami sa kahilingang iyon. Kabilang dito ang pagtugon sa mga pagtatanong sa telepono tungkol sa katayuan ng pagiging kwalipikado at claim.

**BUKOD SA NAKASAAD SA ITAAS, HINDI ISISIWALAT NG PHC ANG INYONG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN MALIBAN KUNG MAYROON KAYONG NAKASULAT NA AWTORISASYON. KUNG KAYO O ANG INYONG KINATAWAN AY MAGBIBIGAY-PAHINTULOT SA PHC NA GAMITIN O ISIWALAT ANG INYONG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN, MAAARI NINYONG BAWIIN ANG AWTORISASYONG IYON NANG PASULAT SA ANUMANG ORAS.**

**May mga sitwasyon ba na hindi ilalabas ang aking impormasyong pangkalusugan?**

Hindi namin pahihintulutan ang iba pang mga paggamit at pagsisiwalat sa inyong

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

impormasyong pangkalusugan nang wala kayong nakasulat na permiso, o awtorisasyon na maaari ninyong bawiin sa anumang oras sa paraang inilalarawan sa aming form ng awtorisasyon.

Maliban ayon sa nakalarawan sa itaas (Paano ginagamit at isinisiwalat ng Partnership HealthPlan of California ang aking impormasyong pangkalusugan), ang mga pagsisiwalat ng psychotherapy notes, ang pagbebenta at pagtitinda ng inyong impormasyon ay nangangailangan ng inyong nakasulat na awtorisasyon at isang pahayag na maaari ninyong bawiin ang awtorisasyon sa anumang oras nang pasulat.

## **ANG INYONG MGA INDIBIDWAL NA KARAPATAN**

### **Ano ang mga karapatan ko bilang miyembro ng PHC?**

Bilang miyembro ng PHC, nasa inyo ang mga sumusunod na karapatan pagdating sa inyong impormasyong pangkalusugan:

- Hingin sa amin na higpitan ang mga partikular na paggamit at pagsisiwalat sa inyong impormasyong pangkalusugan. Hindi inaatasan ang PHC na sumang-ayon sa anumang paghihigpit na hinihingi ng mga miyembro nito maliban kung ang pagsisiwalat ay para sa layuning pagsasagawa ng bayad o mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan at ang kahilingan ay para lamang sa isang bagay o serbisyo para sa pangangalagang pangkalusugan, at ang (mga) serbisyo ay binayaran na ninyo o ng ibang tao bukod sa PHC mula sa sariling bulsa.
- Tumanggap ng mga kumpidensiyal na komunikasyon mula sa PHC sa isang partikular na numero ng telepono, P.O. Box, o iba pang address na sasabihin ninyo sa amin.
- Upang tingnan at kopyahin ang alinman sa inyong mga rekord sa kalusugan na itinatabi ng PHC tungkol sa inyo, kabilang ang mga rekord sa billing, kailangan naming matanggap ang inyong nakasulat na kahilingan. Sasagutin namin ang inyong kahilingan sa loob ng 30 araw. Maaaring maningil ng bayad ang PHC para sa gastos sa pagkopya, pagtitipon at pagpapakoreo ng inyong mga rekord, ayon sa naaangkop. Maaari din ninyong hilingin sa PHC na ipadala ang impormasyon nang direkta sa ibang tao kung nilagdaan ninyo ang inyong nakasulat na kahilingan at malinaw na tinutukoy ang itinalagang tao at kung saan ipadadala ang impormasyon. Sa ilang sitwasyon, maaaring itanong ng PHC kung sumasang-ayon kayong tanggapin ang isang buod o pagpapaliwanag ng hinihinging impormasyon at sa anumang bayarin na maaaring ipataw upang gawin ito. Sa ilalim ng mga partikular na pangyayari, maaaring hindi aprubahan ng PHC ang inyong kahilingan. Kung tinanggihan ang inyong kahilingan, sasabihin namin sa

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

inyo ang dahilan sa pamamagitan ng sulat. May karapatan kayong iapela ang hindi pag-apruba.

- Kung inaakala ninyong mali ang impormasyon sa aming mga rekord, may karapatan kayong hingin sa amin na amiyendahan ang mga rekord. Maaaring hindi aprubahan ng PHC ang inyong kahilingan sa mga partikular na pangyayari. Kung hindi inaprubahan ang inyong kahilingan, may karapatan kayong magsumite ng pahayag para maisama ito sa rekord.
- May karapatan kayong tumanggap ng ulat ng mga hindi karaniwang pagsisiwalat na ginawa namin sa inyong impormasyong pangkalusugan, hanggang sa anim na taon bago ang petsa ng inyong kahilingan. Ang mga hindi karaniwang pagsisiwalat ay hindi kinabibilangan, halimbawa, ng mga pagsisiwalat para isagawa ang paggamot, pagbabayad, pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan, mga pagsisiwalat na ginawa nang mayroon kayong awtorisasyon; ang mga pagsisiwalat na ginawa para sa mga layuning paggamot sa pangangalagang pangkalusugan, pagpapasya sa bayad para sa mga serbisyong pangkalusugan, o pagsasagawa ng mga pagpapatakbo sa planong pangkalusugan ng PHC; mga pagsisiwalat na ginawa ninyo; at mga partikular na iba pang pagsisiwalat. May karapatan kayo sa isang listahan ng pagsisiwalat sa alinmang 12-buwang panahon nang walang bayad. Kung hihingi kayo ng karagdagang listahan sa loob ng mas mababa sa 12 buwan pagkatapos, maaari kayong singilin ng bayad ng PHC.
- Kung natanggap ninyo ang paunawa na ito sa elektronikong paraan, may karapatan kayong humingi ng nakasulat sa papel na kopya mula sa amin sa anumang oras.

### **Paano ko gagamitin ang mga karapatang ito?**

Maaari ninyong gamitin ang alinman sa inyong mga karapatan sa pamamagitan ng pagpapadala ng nakasulat na kahilingan sa aming Opisyal sa Pagkapribado sa address sa ibaba. Upang padaliin ang pagpoproseso sa inyong kahilingan, hinihikayat namin kayo na gamitin ang aming form ng kahilingan, na makukuha ninyo mula sa aming Internet website sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org) o sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa numero ng telepono sa ibaba. Maaari din kayong kumuha ng kumpletong pagpapahayag ng inyong mga karapatan, kabilang ang aming mga pamamaraan para sa pagtugon sa mga kahilingan na gamitin ang inyong mga karapatan, sa pamamagitan ng pagtawag o pagsulat sa Opisyal sa Pagkapribado sa address sa ibaba.

### **Paano ako maghahain ng reklamo kung nalabag ang aking mga karapatan sa pagkapribado?**

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

Bilang miyembro ng PHC, kayo o ang inyong personal na kinatawan ay may karapatang maghain ng reklamo sa aming Opisyal sa Pagkapribado kung naniniwala kayong nalabag ang inyong mga karapatan sa pagkapribado. Kayo o ang inyong kinatawan ay kailangang magbigay sa amin ng espesipikong nakasulat na impormasyon upang suportahan ang inyong reklamo; tingnan ang impormasyong pangkontak sa ibaba. Maaari din kayong maghain ng reklamo sa Kalihim ng mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao sa kanilang website o gamitin ang impormasyong pangkontak sa amin na nakalista sa ibaba:

<http://www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/>

Hinihikayat kayo ng PHC na kontakin kami kung mayroon kayong anumang ikinababahala tungkol sa pagkapribado ng inyong impormasyon. Hindi kayo gagantihan ng PHC sa anumang paraan para sa paghahain ng reklamo. Ang paghahain ng reklamo ay hindi makakaapekto nang masama sa kalidad ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na natatanggap ninyo bilang miyembro ng PHC.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

**Kontakin kami sa:**

Address sa koreo:

Partnership HealthPlan of California

Attn: Privacy Officer

4665 Business Center Drive

Fairfield, CA 94534

Telepono: **(800) 863-4155** o

TTY/TDD: **(800) 735-2929** o tumawag sa **711**

O bisitahin ang <http://www.partnershiphp.org/Members/Medi-Cal/Pages/Notice-of-Privacy-Practices---HIPPA.aspx>

Ang Hot-Line ng Reklamo sa PHC ay (800) 601-2146 at bukas ito 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo

**Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan sa California:**

DHCS Privacy Officer

California Dept. of Health Care Services

1501 Capitol Avenue, MS 4721

PO Box 997413

Sacramento, CA 95899-7413

Email: [Privacyofficer@dhcs.ca.gov](mailto:Privacyofficer@dhcs.ca.gov)

Telepono: (916) 445-4646

TTY/TDD: (877) 735-2929

**Kontakin ang Kalihim ng Mga Departamento ng mga Serbisyonang Pangkalusugan at Pantao sa Estados Unidos sa:**

Centralized Case Management Operations

U.S. Department of Health and Human Services

200 Independence Avenue, S.W.

Room 509F HHH Bldg.

Washington, D.C. 20201

Email: [OCRComplaint@hhs.gov](mailto:OCRComplaint@hhs.gov)

Telepono: (877) 696-6775

O bisitahin ang <http://www.hhs.gov/hipaa/filing-a-complaint/complaint-process/index.html>

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

## Abiso tungkol sa mga batas

Maraming batas ang nalalapat sa Handbook ng Miyembro na ito. Maaaring apektuhan ng mga batas na ito ang inyong mga karapatan at responsibilidad kahit na hindi kasama o hindi ipinaliwanag ang mga batas sa handbook na ito. Ang mga pangunahing batas na nalalapat sa handbook na ito ay mga batas ng estado at pederal na pamahalaan tungkol sa programang Medi-Cal. Maaari ding nalalapat ang iba pang mga batas ng pederal at estado.

---

## Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang huling tagapagbayad

Minsan kailangang may ibang unang nagbabayad ng mga serbisyong ipinagkaloob ng PHC sa inyo. Halimbawa, kung maaksidente kayo sa sasakyan o magtamo kayo ng pinsala sa trabaho, kailangang ang insurance o Bayad-pinsala sa mga Manggagawa ang unang magbabayad.

May karapatan at responsibilidad ang Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services, DHCS) sa California na mangolekta para sa mga serbisyong sakop ng Medi-Cal na hindi ang Medi-Cal ang unang tagapagbayad. Kung napinsala kayo, at may pananagutan ang isang tao sa inyong pinsala, kayo o ang inyong legal na kinatawan ay dapat mag-abiso sa DHCS sa loob ng 30 araw ng paghahain ng legal na asunto o isang claim. Isumite ang inyong abiso online:

- Programa ng Personal na Pinsala sa <http://dhcs.ca.gov/PI>
- Programa ng Pagbawi ng Kabayaran sa mga Manggagawa sa <http://dhcs.ca.gov/WC>

Upang malaman ang higit pa, tumawag sa 1-916-445-9891.

Sumusunod ang programang Medi-Cal sa mga batas at regulasyon ng estado at pederal na pamahalaan na nauugnay sa legal na pananagutan ng mga ikatlong partido para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga miyembro. Gagawin ng PHC ang lahat ng makatwirang paraan upang tiyakin na ang programang Medi-Cal ay huling tagapagbayad.

Maaari ding magkaroon ang mga miyembro ng Medi-Cal ng iba pang coverage sa kalusugan (OHC) na ipinagkakaloob sa kanila nang walang bayad. Alinsunod sa batas, kailangan munang magamit ng mga miyembro ang lahat ng serbisyong ipinagkakaloob ng OHC bago nila magamit ang mga serbisyo sa pamamagitan ng PHC. Kung hindi kayo mag-apply para sa o magpanitili ng walang gastos o bayad ng estado na OHC, tatanggihan o ihihinto ang inyong mga benepisyo at/o pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal. Iniaatas ng mga pederal at pang-estadong batas sa mga miyembro ng Medi-Cal na

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

iulat ang pribadong insurance sa kalusugan. Upang mag-ulat o magpalit ng pribadong insurance sa kalusugan, pumunta sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>. O basahin ang inyong planong pangkalusugan. O tumawag sa 1-800-541-5555 (TTY/TDD 1-800-430-7077 o 711). Kapag nasa labas ng California, tumawag sa 1-916-636-1980. Kung hindi ninyo iulat nang nasa oras ang mga pagbabago sa inyong OHC, at dahil dito, nakakuha kayo ng mga benepisyo ng Medi-Cal na hindi kayo karapat-dapat, maaaring kailangan ninyong muling bayaran ang DHCS.

---

## **Abiso tungkol sa estate recovery**

Dapat hangarin ng programang Medi-Cal ang muling pagbabayad mula sa mga ari-arian ng mga partikular na namatay na mga miyembro ng Medi-Cal mula sa mga ginawang pagbabayad, kabilang ang mga premium ng pinamamahalaang pangangalaga, mga serbisyo ng pasilidad ng pag-aalaga, mga serbisyon nakabase sa tahanan at komunidad, at mga kaugnay na serbisyo ng ospital at inireresetang gamot na ibinigay sa namatay na miyembro ng Medi-Cal sa o pagkatapos ng ika-55 kaarawan ng miyembro. Kung walang iniwang ari-arian o walang pag-aari ang namatay na miyembro kapag siya ay namatay, walang magiging utang.

Upang alamin ang higit pa tungkol sa estate recovery, pumunta sa <http://dhcs.ca.gov/er>. O tumawag sa 1-916-650-0490 o humingi ng legal na payo.

---

## **Abiso tungkol sa Aksyon**

Padadalhan kayo ng PHC ng sulat na Abiso tungkol sa Aksyon (NOA) sa anumang oras na hindi aprubahan, antalahin, tapusin o baguhin ng PHC ang isang kahilingan para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng plano, maaari kayong maghain ng apela sa PHC sa anumang oras. Tingnan ang seksyong Mga Apela sa ibaba para sa mahalagang impormasyon sa paghahain ng inyong Apela. Kapag nagpadala ng NOA sa inyo ang PHC, ipahahayag sa inyo rito ang lahat ng karapatang mayroon kayo kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyong ginawa namin.

### **Tungkol sa Tulong ng Abogado**

Maaari kayong makakuha ng libreng legal na tulong. California Department of Consumer Affairs sa (800) 952-5210, o (TTY/TDD (800) 326-2297). Maaari din ninyong tawagan ang lokal na Legal Aid Society sa inyong county sa (888) 804-3536.

Maaari kayong humingi ng abogado na kakatawan sa inyo sa Pagdinig ng Estado. Para sa karagdagang impormasyon sa pagkuha ng libreng tulong ng abogado, kontakin ang opisina ng tulong ng abogado sa inyong lugar o ang grupo ng mga karapatan sa welfare.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).



## 6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema

May dalawang uri ng problema na maaaring maranasan ninyo sa PHC:

- Ang **reklamo** (karaingan) ay kapag mayroon kayong problema sa PHC o sa isang tagapagbigay ng serbisyo, o sa pangangalagang pangkalusugan o paggamot na natanggap ninyo mula sa isang tagapagbigay ng serbisyo para sa isang sakop na serbisyo
- Ang **apela** ay kapag hindi kayo sumasang-ayon sa aming desisyon na hindi isama sa sakop o palitan ang inyong mga serbisyo

Mayroon kayong karapatang maghain ng mga reklamo at apela sa PHC upang ipagbigay-alam sa amin ang inyong problema. Hindi nito inaalis ang alinman sa inyong mga legal na karapatan at mga remedyo. Hindi magdidiskrimina o gaganti ang PHC laban sa inyo dahil sa paghahain ng reklamo o apela. Makakatulong na pahasayin ang pangangalaga para sa lahat ng miyembro kung sasabihin ninyo sa PHC ang tungkol sa inyong problema.

Dapat lagi ninyong kontakin muna ang PHC upang ipaalam sa amin ang tungkol sa inyong problema. Maaari ding maghain ng karaingan o apela sa ngalan ninyo ang isang kaibigan o miyembro ng pamilya. Dapat muna silang kumuha ng pahintulot sa inyo. Maaari kayong makipag-ugnayan sa mga serbisyo sa miyembro at humingi ng pahintulot para maging kinatawan ninyo ang isang tao.

Tumawag sa PHC Lunes – Biyernes, 8 a.m. – 5 p.m. sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711) upang sabihin sa amin ang tungkol sa inyong problema.

Makakatulong din ang Ombudsman ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal ng Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan sa California (DHCS). Makakatulong sila kung mayroon kayong mga problema sa pagsali, paglipat, o pag-alis sa isang planong pangkalusugan. Makakatulong din sila kung lilipat kayo ng tirahan at nahahirapan kayong ilipat ang inyong Medi-Cal sa inyong bagong county. Maaari ninyong tawagan ang Ombudsman, Lunes - Biyernes, sa pagitan ng 8 a.m. - 5 p.m. sa (888) 452-8609.

Maaari din kayong maghain ng reklamo sa opisina ng pagiging karapat-dapat sa inyong county tungkol sa inyong pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal. Kung hindi kayo sigurado

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

kung kanino ninyo maaaring ihain ang inyong reklamo, tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711)

Upang mag-ulat ng hindi tamang impormasyon tungkol sa inyong karagdagang insurance sa kalusugan, mangyaring tumawag sa Medi-Cal, Lunes – Biyernes, sa pagitan ng 8:00 a.m. – 5:00 p.m. sa (800) 541-5555.

---

## Mga reklamo

Ang reklamo ay kapag may problema kayo o hindi kayo nasisiyahan sa mga serbisyong natanggap ninyo mula sa PHC o sa isang tagapagbigay ng serbisyo para sa isang sakop na serbisyo. Walang limitasyon ng oras sa paghahain ng reklamo. Maaari kayong maghain ng reklamo sa PHC sa anumang oras sa telepono, sa sulat, nang personal, online, o sa pamamagitan ng fax.

- Sa telepono: Tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711), Lunes – Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. Tutulungan kayo ng aming kinatawan sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa proseso ng reklamo.
- Sa sulat: Maaari kayong sumulat sa PHC. O kaya, maaari naming ipadala sa inyo ang form sa pamamagitan ng koreo. Tiyaking isasama ang inyong numero ng PHC ID at ang dahilan ng inyong reklamo. Sabihin sa amin kung ano ang nangyari at kung paano namin ito maaayos:

Partnership HealthPlan of California  
ATTN: Grievance  
4665 Business Center Drive  
Fairfield, CA 9453

- Online: bisitahin ang aming website sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org)
- Personal: Maaari kayong bumisita sa inyong lokal na tanggapan ng PHC o sa tanggapan ng inyong doktor
- Fax: Maaari kayong mag-fax sa amin sa (707) 863-4351. Tiyaking isasama ang inyong numero ng PHC ID at ang dahilan ng inyong reklamo. Sabihin sa amin kung ano ang nangyari at kung paano namin ito maaayos.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghahain ng inyong reklamo, matutulungan namin kayo. Mabibigyan namin kayo ng mga serbisyo sa wika nang wala kayong babayaran. Tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711)

Sa loob ng 5 araw pagkatanggap sa inyong reklamo, padadalhan kayo ng PHC ng sulat na nagsasabing natanggap ito ng PHC. Sa loob ng 30 araw, padadalhan namin kayo ng isa pang sulat na nagsasabi sa inyo kung paano namin naresolba ang inyong problema.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

Kung tumawag kayo sa PHC tungkol sa isang reklamo na hindi tungkol sa coverage ng pangangalagang pangkalusugan, pangangailangang medikal, o paggamot na pang-eksperimento o pagsisiyasat, at nalutas ang inyong reklamo sa katapusan ng susunod na araw ng trabaho, maaaring hindi kayo makatanggap ng sulat.

Kung gusto ninyong gumawa ang PHC ng mabilis na desisyon dahil malalagay sa panganib ang inyong buhay, kalusugan o kakayahang gumanap sa loob ng panahong kailangan upang resolbahin ang inyong reklamo, maaari kayong humingi ng pinabilis (mabilis) na pagrerepaso. Upang humingi ng pinabilis na pagrerepaso, tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711). Gagawa ng desisyon ang PHC sa loob ng 72 oras pagkatanggap sa inyong reklamo.

---

## Mga apela

Ang apela ay iba sa reklamo. Ang apela ay isang kahilingan na repasuhin at baguhin ng PHC ang isang desisyong ginawa ng PHC tungkol sa coverage para sa isang hininging serbisyo. Kung pinadalhan kayo ng PHC ng sulat na Abiso tungkol sa Aksyon (NOA) na nagsasabi sa inyo na aming hindi inaaprubahan, inaantala, binabago o tinatapos ang isang serbisyo, at hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon, maaari kayong maghain ng apela. Maaari ding maghain ang inyong PCP o ang iba pang tagapagbigay ng serbisyo ng apela para sa inyo na may nakasulat kayong pahintulot.

Kailangan ninyong ihain ang apela sa loob ng 60 araw sa kalendaryo mula sa petsa sa NOA na natanggap ninyo mula sa PHC. Kung kasalukuyan kayong kumukuha ng paggamot at gusto ninyong magpatuloy sa pagkuha ng katulad na paggamot, dapat kayong humiling ng apela sa PHC sa loob ng 10 araw mula sa petsa kung kailan inihatid sa inyo ang NOA, o bago ang petsa na sinasabi ng PHC na ihihinto ang mga serbisyo. Kapag hihingi kayo ng apela, sa ilalim ng mga sitwasyong ito, ipagpapatuloy ang paggamot kung hihilingin ninyo. Maaaring pabayaran sa inyo ng PHC ang halaga ng mga serbisyo kung tatanggihan o babaguhin ang serbisyo ayon sa panghuling desisyon.

Maaari kayong maghain ng apela sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, pagpapadala ng sulat, nang personal o online:

- **Sa telepono:** Tawagan kami sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711), Lunes – Biyernes, 8 a.m. – 5 p.m. Tutulong kayo ng aming kinatawan sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa proseso ng apela.
- **Sa sulat:** Maaari kayong sumulat sa amin. O kaya, maaari naming ipadala sa inyo ang form sa pamamagitan ng koreo. Siguraduhing isasama ang inyong PHC ID number at ilalarawan kung anong desisyon ang hindi ninyo sinasang-ayunan:

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

Partnership HealthPlan of California  
ATTN: Grievance  
4665 Business Center Drive  
Fairfield, CA 94534

- **Online:** Bisitahin ang aming website sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org)
- **Personal:** Maaari kayong bumisita sa inyong lokal na tanggapan ng PHC o sa tanggapan ng inyong doktor
- **Fax:** Maaari kayong mag-fax sa amin sa (707) 863-4351. Siguraduhing isasama ang inyong PHC ID number at ilalarawan kung anong desisyon ang hindi ninyo sinasang-ayunan.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghahain ng inyong apela, matutulungan kayo ng PHC. Mabibigyan kayo ng PHC ng mga libreng serbisyo sa wika. Tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711).

Sa loob ng 5 araw pagkatanggap sa inyong apela, padadalhan kayo ng PHC ng sulat na nagsasabing natanggap ito. Sa loob ng 30 araw, padadalhan kayo ng PHC ng Abiso sa Resolusyon ng Apela (NAR) para sabihin sa inyo ang desisyon sa apela. Kung hindi sasabihin sa inyo ng PHC ang desisyon sa apela sa loob ng 30 araw, maaari kayong humiling ng Pagdinig ng Estado.

Kung gusto ninyo o ng inyong doktor na gumawa ang PHC ng mabilis na desisyon dahil malalagay sa panganib ang inyong buhay, kalusugan o kakayahang gumanap sa loob ng panahong kailangan upang resolbahin ang inyong apela, maaari kayong humingi ng pinabilis (mabilis) na pagrerepaso. Upang humingi ng pinabilis na pagrerepaso, tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711). Gagawa ng desisyon ang PHC sa loob ng 72 oras pagkatanggap sa inyong apela tungkol sa kung pabibilisin ng PHC ang inyong apela.

---

## Ano ang gagawin kung hindi kayo sumasang-ayon sa isang desisyon sa apela

Kung naghain kayo ng apela at nakatanggap ng sulat mula sa PHC na nagsasabi sa inyo na hindi namin binago ang desisyon, o hindi kayo nakatanggap ng sulat na nagsasabi sa inyo ng desisyon at mahigit 30 araw na ang lumipas, maaari kayong:

Humingi ng **Pagdinig ng Estado** mula sa Departamento ng mga Serbisyon Panlipunan sa California (CDSS), at rerepasuhin ng isang huwes ang inyong kaso. Hindi ninyo kailangang magbayad para sa isang Pagdinig ng Estado.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

## Mga Pagdinig ng Estado

Ang Pagdinig ng Estado ay isang pagpupulong kasama ang mga tao mula sa California Department of Social Services (CDSS). Tutulong ang isang huwes sa pagresolba sa inyong problema o para sabihin sa inyong tama ang desisyon ng PHC. May karapatan lamang kayong humingi ng Pagdinig ng Estado kapag nakapaghain na kayo ng apela sa PHC at hindi pa rin kayo nasisiyahan sa desisyon, o kung hindi kayo nakatanggap ng desisyon sa inyong apela makalipas ang 30 araw.

Kailangan ninyong humingi ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 120 araw mula sa petsa sa Abiso sa Resolusyon ng Apela (NAR) ng PHC na nagsasabi sa inyo ng desisyon sa apela. Maaaring humingi ang inyong PCP ng Pagdinig ng Estado para sa inyo na may nakasulat kayong pahintulot.

Kung gusto ninyong gumawa ang CDSS ng mabilis na desisyon dahil malalagay sa panganib ang inyong buhay, kalusugan o kakayahang gumanap sa loob ng panahong kailangan upang ganapin ang Pagdinig ng Estado, maaaring kontakin ninyo o ng inyong PCP ang CDSS at humingi ng pinabilis (mabilis) na Pagdinig ng Estado. Kailangang gumawa ang CDSS ng desisyon nang hindi lalampas sa tatlong (3) araw ng trabaho matapos nitong matanggap ang inyong kumpletong dokumento ng kaso mula sa PHC. Maaari kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o pagpapadala ng sulat.

- **Sa telepono:** Tawagan ang CDSS Public Response Unit sa 1-800-952-5253 (TTD 1-800-952-8349).
- **Sa sulat:** Sagutan ang form na ibinigay kasama ng inyong abiso sa resolusyon ng apela. Ipadala ito sa:

California Department of Social Services  
State Hearings Division  
P.O. Box 944243, MS 09-17-37  
Sacramento, CA 94244-2430

Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghingi ng Pagdinig ng Estado, matutulungan kayo ng PHC. Mabibigyan din namin kayo ng mga libreng serbisyo sa wika. Tawagan ang PHC sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711).

Sa pagdinig, ibibigay ninyo ang inyong panig, at ibibigay namin ang panig ng PHC. Maaaring magtagal hanggang 90 araw sa kalendaryo para madesisyunan ng huwes ang inyong kaso. Kailangang sundin ng PHC ang desisyon ng huwes.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

## **Pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso**

Kung naghihinala kayo na may isang tagapagbigay ng serbisyo o isang tao na nakakatanggap ng Medi-Cal ang gumawa ng pandaraya, pag-aaksaya o pang-aabuso, karapatan ninyong i-report ito sa pamamagitan ng pagtawag sa kumpidensyal na toll-free na numerong 1-800-822-6222 o pagsusumite ng reklamo online sa [www.dhcs.ca.gov/](http://www.dhcs.ca.gov/).

Kabilang sa pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso ang:

- Pagpapalsipika ng mga talaang medikal
- Pagrereseta ng gamot na mas marami kaysa sa kinakailangan dala ng medikal na dahilan
- Pagkakaloob ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na mas marami kaysa sa kinakailangan dala ng medikal na dahilan
- Paniningil para sa mga serbisyo na hindi naman naibigay
- Paniningil para sa mga propesyonal na serbisyo kapag hindi naman isinagawa ng propesyonal ang serbisyo
- Pag-aalok ng mga libre o may diskwentong bagay at serbisyo sa mga miyembro para maimpluwensyahan kung aling tagapagbigay ng serbisyo ang pipiliin ng miyembro
- Pagpapalit ng doktor sa pangunahing pangangalaga ng miyembro nang hindi alam ng miyembro

Kabilang sa pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso ng isang taong nakakatanggap ng benepisyo ang:

- Pagpapahiram, pagbebenta o pamimigay ng ID card sa planong pangkalusugan o Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) sa ibang tao
- Pagkuha ng mga kahalintulad o parehong mga paggamot o gamot mula sa higit sa isang tagapagbigay ng serbisyo
- Pagpunta sa isang emergency room kapag hindi naman emergency
- Paggamit sa Security number o ID number sa planong pangkalusugan ng ibang tao

Upang mag-report ng pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso, isulat ang pangalan, address at numero ng ID ng taong gumawa ng pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso. Magbigay ng kasing-daming impormasyong alam ninyo tungkol sa tao, tulad ng numero ng telepono o ang espesyalisad kung ito ay isang tagapagbigay ng serbisyo. Ibigay ang mga petsa ng mga pangyayari at isang buod ng eksaktong nangyari.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

Maaari ninyong gawin ang report sa:

Sulat:

Partnership HealthPlan of California  
ATTN: Regulatory Affairs  
4665 Business Center Dr.  
Fairfield, CA 94534

Telepono:

PHC Compliance Hotline sa (800) 601-2146. 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

# 7. Mga dapat malaman na numero at salita

## Mga Mahahalagang Numero ng PHC

<p><b>Mga Serbisyo sa Miyembro ng PHC</b> Ang toll-free na numero para tawagan ang Departamento ng mga Serbisyo sa Miyembro ng PHC</p>	<p>(800) 863-4155 8 a.m. hanggang 5 p.m., Lunes – Biyernes</p>
<p><b>24 na oras na Tagapayong Nurse ng PHC</b> Ang toll-free na numero para kausapin ang isang nurse tungkol sa inyong kalusugan kung hindi kayo sigurado tungkol sa pagpunta sa ER</p>	<p>(866) 778-8873 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo</p>
<p><b>Hotline ng PHC para sa Compliance</b> Ang toll-free na numero para mag-ulat ng pandaraya, mga isyu sa pagkapribado at iba pang mga isyu sa pagsunod</p>	<p>(800) 601-2146 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo</p>
<p><b>Mga Serbisyo sa Kapansanan</b></p>	
<p><b>California Relay Service (CRS) – TTY/TDD</b> Ang toll-free na numero para sa may kahirapan sa pandinig</p>	<p>(800) 735-2929 o 711 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo</p>
<p><b>Mga Mahahalagang Numero ng Estado</b></p>	
<p><b>Ombudsman ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Medi-Cal</b></p>	<p>(888) 452-8609</p>

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155 (TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).



Ang opisina ng Estado na tumutulong sa inyong mga problema sa Pinamamahalaang Pangangalaga	8 a.m. hanggang 5 p.m., Lunes – Biyernes
<b>Pagbabayad ng Hulog sa Medi-Cal para sa mga Pamilya</b> Ang numero ng telepono ng Estado na tatawagan kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa mga hulog sa Medi-Cal	(800) 880-5305 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes – Biyernes, o 8 a.m. hanggang 5 p.m. Sabado
<b>Mga Serbisyo ng Denti-Cal</b> Ang numero ng telepono ng Estado para alamin ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga sakop na serbisyo sa ngipin	(800) 322-6384 8 a.m. hanggang 5 p.m., Lunes – Biyernes
<b>Mga Serbisyo sa Paningin</b> Ang mga serbisyo ng PHC sa paningin ay sakop sa pamamagitan ng Vision Services Plan (VSP).	(800) 877-7195 5 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes – Biyernes 7 a.m. hanggang 8 p.m. Sabado 7 a.m. hanggang 7 p.m. Linggo Mga miyembro ng Kaiser tumawag sa (800) 464-4000
<b>Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip</b> Sakop ng PHC ang paggamot ng banayad hanggang katamtamang kondisyon ng kalusugan ng pag-iisip at sakop sa pamamagitan ng Beacon Health Options.	(855) 765-9703 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo Mga miyembro ng Kaiser tumawag sa (800) 464-4000
<b>Departamento ng mga Serbisiyong Panlipunan (Mga Pagdinig ng Estado)</b> Ang opisina ng Estado na tumutulong sa inyong maghain ng Pagdinig ng Estado	(800) 952-5253
<b>Hotline para sa Pandaraya sa Medi-Cal at Pang-aabuso ng Matatanda</b>	(800) 722-0432

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

Ang opisina ng Estado na tumutulong sa inyo sa mga isyu tungkol sa pandaraya sa programang Medi-Cal	
<b>Opisina ng U.S. para sa mga Karapatang Sibil (Mga Reklamo tungkol sa Pagkapribado)</b> Ang opisina ng pederal na pamahalaan na tumutulong sa inyo sa mga tanong at isyu tungkol sa pagkapribado	(866) 627-7748

## Mga dapat malaman na salita

**Aktibong pagle-labor:** Ang panahon kapag ang isang babae ay nasa tatlong yugto ng panganganak at alinman sa hindi ligtas na maillipat sa tamang oras sa ibang ospital bago manganak o ang paglipat ay maaaring makasama sa kalusugan at kaligtasan ng babae o ng hindi pa naisisilang na sanggol.

**Agarang pangangalaga (o mga agarang serbisyo):** Mga serbisyong ipinagkakaloob upang gamutin ang isang hindi emergency na karamdaman, pinsala o kondisyon na nangangailangan ng pangangalagang medikal. Maaari kayong makakuha ng agarang pangangalaga mula sa isang tagapagbigay ng serbisyo sa labas-ng-network kung pansamantalang wala o hindi ma-access ang mga tagapagbigay ng serbisyo sa network.

**American Indian:** Isang indibidwal na inilarawan sa pamagat 25 ng seksyon 1603(c), 1603(f), 1679(b) ng U.S.C. o natukoy na kwalipikado, bilang Indian, alinsunod sa 42 C.F.R. 136.12 o Pamagat V ng Indian Health Care Improvement Act, na makatanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan mula sa mga Indian na tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan (Indian Health Service, isang Indian Tribe, Tribal Organization, o Urban Indian Organization–I/T/U) o sa pamamagitan ng referral sa ilalim ng Contract Health Services.

**Apela:** Ang kahilingan ng isang miyembro para repasuhin at baguhin ng PHC ang isang desisyong ginawa tungkol sa coverage para sa isang hiniling na serbisyo.

**Biglaan (acute):** Isang kondisyong medikal na biglaan at nangangailangan ng mabilis na atensiyong medikal at hindi nagtatagal.

**Chiropractor:** Isang tagapagbigay ng serbisyo na gumagamot sa gulugod sa pamamagitan ng mano-manong manipulasyon

**Copayment:** Isang bayad mula sa inyo, karaniwang sa panahon ng serbisyo, dagdag sa bayad ng insurer.

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

**Coverage (mga sakop na serbisyo):** Ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ipinagkakaloob sa mga miyembro ng PHC, nang napapasailalim sa mga takda, kondisyon, limitasyon at eksklusyon ng kontrata ng Medi-Cal at ayon sa nakalista sa EOC na ito at anumang pag-aamiyenda.

**Coverage ng inireresetang gamot:** Coverage para sa mga medikasyong inireseta ng isang tagapagbigay ng serbisyo.

**DHCS:** Ang Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan. Ito ang opisina ng Estado na nangangasiwa sa programang Medi-Cal.

**Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo:** Isang listahan ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa network ng PHC.

**Emergency na kondisyong medikal:** Isang kondisyong medikal o pansikiyatriya (pag-iisip) na may malalang mga sintomas, gaya ng aktibong pagle-labor (pumunta sa kahulugan sa itaas) o matinding pananakit, na sinumang may maingat na karaniwang kaalaman sa kalusugan at medisina ay makatwirang naniniwala na ang hindi pagkuha ng agarang pangangalagang medikal ay:

- Maglalagay sa inyong kalusugan o kalusugan ng inyong hindi pa naisisilang na sanggol sa seryosong panganib
- Magdulot ng pinsala sa silbi ng bahagi ng katawan
- Maging dahilan para hindi gumana nang tama ang isang parte o organ ng katawan

**Espesyalisadong mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip:** Mga serbisyo para sa mga miyembro na may mga kinakailangang serbisyo sa kalusugan ng isip para sa kapansanang mas mataas sa banayad hanggang katamtaman.

**Espesyalista (o espesyalisadong doktor):** Isang doktor na gumagamot ng mga partikular na uri ng mga problema sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, ang orthopedic surgeon ay gumagamot ng mga nabaling buto; ang allergist ay gumagamot ng mga allergy; ang cardiologist ay gumagamot ng mga sakit sa puso. Sa karamihan ng kaso, kakailanganin ninyo ng referral mula sa inyong PCP upang pumunta sa isang espesyalista.

**Fee-For-Service (FFS):** Ibig sabihin hindi ka nakatala sa planong pangkalusugan ng managed care. Sa ilalim ng FFS, dapat tanggapin ng iyong doktor ang "straight" Medi-Cal at bills Medi-Cal nang direkta para sa mga serbisyong nakuha mo. Maaari ring gamitin ang FFS para ipaliwanag kung paano sisingilin ng mga provider na wala sa network PHC.

**Freestanding Birth Centers (mga FBC):** Mga pasilidad na pangkalusugan kung saan pinaplanong mangyari ang pagsilang sa sanggol na malayo sa tirahan ng buntis na babae na lisensyado o kung hindi man ay aprubado ng estado na magbigay ng pangangalaga

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

sa pagle-labor bago manganak at panganganak o pagkatapos manganak at iba pang mga serbisyo para sa mga naglalakad na kasama sa plano. Ang mga pasilidad na ito ay hingi mga ospital.

**Follow-up na pangangalaga:** Regular na pangangalaga ng doktor upang kumustahin ang progreso ng pasyente matapos ang pagpapaospital o sa panahon ng proseso ng paggamot.

**Gamot na wala sa pormularyo:** Isang gamot na hindi nakalista sa aming pormularyo ng gamot.

**Hindi gumagaling-galing na kondisyon:** Isang karamdaman o problemang medikal na hindi ganap na malulunasan o na lumalala sa paglipas ng panahon o na kailangang magamot upang hindi kayo lumala.

**Hindi medikal na transportasyon:** Transportasyon kapag bumibiyahe papunta o pauwi mula sa isang appointment para sa isang serbisyong sakop ng Medi-Cal na pinahintulutan ng inyong tagapagbigay ng serbisyo at kapag kumukuha ng mga reseta at medikal na supply.

**Hindi nakikilahok na tagapagbigay ng serbisyo:** Isang tagapagbigay ng serbisyo na hindi kasali sa network ng PHC.

**Hindi pang-emergency na medikal na transportasyon (NEMT):** Transportasyon kapag hindi kayo makakapunta sa isang sakop na medikal na appointment at/o para kunin ang mga reseta sa pamamagitan ng kotse, bus, train o taxi. Binabayaran ng PHC ang pinakamababang halaga ng NEMT para sa inyong mga pangangailangang medikal kapag kailangan ninyo ng masasakyan papunta sa inyong appointment.

**Hindi sakop na serbisyo:** Isang serbisyo na hindi sakop o hindi binabayaran ng PHC.

**Iba pang coverage sa kalusugan (OHC):** Tinutukoy ng iba pang coverage sa kalusugan ang pribadong insurance sa kalusugan at mga nagbabayad ng serbisyo na bukod sa Medi-Cal. Maaaring kasama sa mga serbisyo ang medikal, ngipin, paningin, parmasya at/o mga suplementong plano ng Medicare (Part C at D).

**Insurance sa kalusugan:** Insurance coverage na nagbabayad para sa mga gastusing medikal at mga gastusin sa operasyon sa pamamagitan ng pagsasauli ng bayad sa naka-insure para sa mga gastos mula sa karamdaman o pinsala o pagbabayad ng pangangalaga mismo sa tagapagbigay ng serbisyo.

**Kalusugan at Pagpigil sa Kapansanan sa California (CHDP):** Isang pampublikong programa sa kalusugan na nagre-reimburse sa mga pampubliko at pribadong tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa maagang pagtatasa ng kalusugan upang matuklasan o mapigilan ang karamdaman at mga kapansanan sa mga bata at kabataan. Tinutulungan ng programa ang mga bata at

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

kabataang magkaroon ng access sa regular na pangangalagang pangkalusugan. Maaaring ibigay ng inyong PCP ang mga serbisyong CHDP.

**Karaingan:** Isang pasalita o pasulat na pagpapahayag ng isang miyembro ng pagkadiskuntento tungkol sa PHC, isang tagapagbigay ng serbisyo, o mga ipinagkaloob na serbisyo. Ang reklamo ay isang halimbawa ng karaingan.

**Karaniwang pangangalaga:** Mga serbisyo na kinakailangan dala ng medikal na dahilan at pangangalaga para makaiwas sa sakit, mga pagbisita ng batang walang sakit, o pangangalaga tulad ng karaniwang follow-up na pangangalaga. Ang layunin ng karaniwang pangangalaga ay upang mapigilan ang mga problema sa kalusugan.

**Kinakailangan dala ng medikal na dahilan (o pangangailangan dala ng medikal na dahilan):** Ang pangangalaga na kinakailangan dala ng medikal na dahilan ay isang mahalagang serbisyo na makatuwiran at nagpoprotekta sa buhay. Kailangan ang pangangalagang ito upang mapanatili ang mga pasyente na makaiwas sa seryosong pagkakasakit o pagkakaroon ng kapansanan. Binabawasan ng pangangalagang ito ang matinding pananakit sa pamamagitan ng paggamot sa karamdaman, sakit o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang edad na 21, kabilang sa mga serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalaga na kinakailangan dala ng medikal na dahilan upang ayusin o tulungan ang isang sakit o kondisyong pisikal o pag-iisip, kabilang ang mga karamdaman sa paggamit ng substansya, ayon sa itinatakda sa Section 1396d(r) ng Title 42 ng United States Code.

**Klinika:** Ang klinika ay isang pasilidad na maaaring piliin ng mga miyembro bilang tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (PCP). Ito ay maaaring Sentrong Pangkalusugan na Kwalipikado sa Pederal (FQHC), klinika sa komunidad, Klinikang Pangkalusugan sa Rural (RHC), Klinikang Pangkalusugan ng Indian (IHC) o iba pang pasilidad ng pangunahing pangangalaga.

**Klinikang Pangkalusugan sa Rural (RHC):** Isang sentrong pangkalusugan sa lugar na walang maraming tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari kayong kumuha sa isang RHC ng pangangalagang pangunahin at para makaiwas sa sakit.

**Koordinasyon ng mga Benepisyo (COB):** Ang proseso ng pagtukoy kung aling coverage ng insurance (Medi-Cal, Medicare, komersyal na insurance o iba pa) ang may pangunahing paggamot at responsibilidad sa pagbabayad para sa mga miyembro na may mahigit sa isang uri ng coverage ng insurance sa kalusugan.

**Kwalipikadong tagapagbigay ng serbisyo:** Doktor na kwalipikado sa larangan ng panunungkulan na naaangkop para gamutin ang inyong kondisyon.

**Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic at Paggamot (EPSDT):** Ang mga serbisyong EPSDT ay isang benepisyo para sa mga miyembro ng Medi-Cal na wala pang edad na 21 upang tulungan silang manatiling malusog. Dapat makuha ng mga miyembro ang tamang mga pagsusuri ng kalusugan para sa kanilang edad at mga angkop na

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

screening upang malaman ang mga problema sa kalusugan at magamot ang mga sakit nang maaga.

**Matibay na Kagamitang Medikal (DME):** Kagamitan na kinakailangan dala ng medikal na dahilan at inorder ng inyong doktor o iba pang tagapagbigay ng serbisyo. Ipinapasya ng PHC kung magrerenta o bibili ng DME. Ang mga halaga ng renta ay hindi dapat hihigit kaysa sa halaga kapag bibilhin. Sakop ang pagkukumpuni ng kagamitang medikal.

**Medical home:** Isang lugar kung saan pinananatili ang medikal na impormasyon ng isang miyembro at ang pangangalaga ay available, palagian, inklusibo at naaangkop sa kultura.

**Medicare:** Ang pederal na programa ng insurance sa kalusugan para sa mga tao na 65 taong gulang o mas matanda, mga taong mas bata na may mga kapansanan, at mga tao na may sakit sa batong nasa huling yugto o end-stage renal disease (permanenteng paghina ng bato na nangangailangan ng dialysis o transplant, minsan ay tinatawag na ESRD).

**Mga benepisyo:** Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at mga gamot na sakop sa ilalim ng planong pangkalusugan na ito.

**Mga hindi kasamang serbisyo:** Mga serbisyong hindi sakop ng Programang Medi-Cal sa California.

**Mga Inireresetang Gamot:** Isang gamot na ayon sa batas ay nangangailangan ng utos mula sa isang lisensiyadong tagapagbigay ng serbisyo upang maibigay sa pasyente, hindi katulad ng mga gamot na mabibili nang walang reseta (OTC) na hindi nangangailangan ng reseta.

**Mga sensitibong serbisyo:** Mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya, mga impeksiyong naikakalat sa pakikipagtalik (mga STI), HIV/AIDS, sekswal na pananalakay, at aborsiyon.

**Mga serbisyo at aparatong pang-habilitasyon:** Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na tumutulong para mapanatili, matutuhan o mapahusay ninyo ang mga kasanayan at pagganap para sa araw-araw na pamumuhay.

**Mga serbisyo at aparatong pangrehabilitasyon at panghabilitasyon:** Mga serbisyo at aparatong tumutulong sa mga taong may mga pinsala, kapansanan, o hindi gumagaling na kondisyon na magkaroon ng o maibalik ang mga kakayahan ng isip at katawan.

**Mga serbisyo matapos mapatatag ang kondisyon:** Mga sakop na serbisyong nauugnay sa isang emergency na kondisyong medikal na ibinibigay matapos mapatatag ang kondisyon ng miyembro upang mapanatili ang matatag na kondisyon. Sakop at binabayaran ang mga serbisyo ng pangangalaga matapos mapatatag ang kondisyon.

**Mga serbisyo ng doktor:** Mga serbisyong ibinibigay ng isang taong lisensiyado sa ilalim

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

ng batas ng estado na manungkulan sa medisina o osteopathy, hindi kasama ang mga serbisyo na iniaalok ng mga doktor habang nakaospital kayo na sinisingil sa bill sa ospital.

**Mga serbisyo ng midwife:** Pangangalaga bago manganak, sa panganganak, at pagkatapos manganak, kabilang ang pangangalaga sa pagpapalano ng pamilya para sa ina at agarang pangangalaga sa bagong silang na sanggol, na ibinibigay ng mga sertipikadong nurse na midwife (CNM) at mga lisensyadong midwife (LM).

**Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na pang-outpatient:** Mga serbisyong pang-outpatient para sa mga miyembro na may banayad hanggang katamtamang mga kondisyon ng kalusugan ng pag-iisip kabilang ang:

- Ebalwasyon at paggamot ng kalusugan ng pag-iisip ng indibidwal o grupo (psychotherapy)
- Ang psychological testing kapag kailangan sa klinika upang masuri ang kondisyon ng kalusugan ng pag-iisip
- Mga serbisyong pang-outpatient para sa mga layuning pagsubaybay sa terapiya ng medikasyon
- Pansikiyatriyang konsultasyon
- Laboratoryo, mga supply at suplementong pang-outpatient

**Mga serbisyo sa kalusugan ng publiko:** Mga serbisyong pangkalusugan na nakatuon sa pangkabuuang populasyon. Kabilang sa mga ito, bukod sa iba pa, ang pagsusuri sa sitwasyon ng kalusugan, pagbabantay sa kalusugan, pagtataguyod sa kalusugan, mga serbisyo para mapigilan ang sakit, pagkontrol ng nakakahawang sakit, proteksiyon at sanitasyon ng kapaligiran, paghahanda at tugon sa sakuna, at kalusugang pantrabaho.

**Mga serbisyo sa komunidad para sa nasa hustong gulang (CBAS):** Mga serbisyong pang-outpatient sa pasilidad para sa pangangalagang skilled nursing, serbisyong panlipunan, terapiya, personal na pangangalaga, pagsasanay at suporta sa pamilya at tagapag-alaga, serbisyong pang-nutrisyon, transportasyon, at iba pang mga serbisyo para sa mga miyembrong kwalipikado.

**Mga serbisyo sa labas ng sineserbisyuhang lugar:** Mga serbisyo habang ang miyembro ay nasa labas ng lugar na sineserbisyuhan ng PHC.

**Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya:** Mga serbisyo upang pigilan o antalahin ang pagbubuntis.

**Mga Serbisyong Pambata sa California (CCS):** Isang programa ng Medi-Cal na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga batang hanggang edad na 21 na may mga partikular na karamdaman at problema sa kalusugan.

**Miyembro:** Sinumang karapat-dapat na miyembro ng Medi-Cal na nakatala sa PHC na nararapat na tumanggap ng mga sakop na serbisyo.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

**Nakatala:** Isang tao na miyembro ng planong pangkalusugan at tumatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng plano.

**Nakikilahok na ospital:** Isang lisensiyadong ospital na may kontrata sa PHC para mag-alok ng mga serbisyo sa mga miyembro sa panahong tumatanggap ang miyembro ng pangangalaga. Ang mga serbisyong maaaring ialok ng ilang nakikilahok na ospital sa mga miyembro ay nililimitahan ng pagrerepaso sa paggamit at mga patakaran sa pagtiyak sa kalidad ng PHC o ng kontrata ng PHC sa ospital.

**Nakikilahok na tagapagbigay ng serbisyo (o nakikilahok na doktor):** Isang doktor, ospital o iba pang lisensiyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o lisensiyadong pasilidad ng kalusugan, kabilang ang mga sub-acute facility na may kontrata sa PHC na mag-alok ng mga sakop na serbisyo sa mga miyembro sa panahong tumatanggap ang miyembro ng pangangalaga.

**Nataningang karamdaman:** Isang kondisyong medikal na hindi na mababaliktad at napakamalamang na hahantong sa pagkamatay sa loob ng isang taon o mas maikli pa kung magpapatuloy ang sakit sa natural na proseso nito.

**Nauunang pag-apruba (o paunang awtorisasyon):** Kailangang kumuha ang inyong PCP o iba pang tagapagbigay ng serbisyo ng pag-apruba mula sa PHC bago kayo makakuha ng mga partikular na serbisyo. Aaprubahan lang ng PHC ang mga serbisyong kailangan ninyo. Hindi namin aaprubahan ang mga serbisyo ng mga hindi nakikilahok na tagapagbigay ng serbisyo kung naniniwala kami na makakakuha kayo ng kapareho o mas naaangkop na mga serbisyo sa pamamagitan ng aming mga tagapagbigay ng serbisyo. Ang referral ay hindi pag-apruba. Kailangang kumuha kayo ng pag-apruba mula sa PHC.

**Network:** Isang grupo ng mga doktor klinika, ospital at iba pang mga tagapagbigay ng serbisyo na nakakontra sa PHC na magkaloob ng pangangalaga.

**Orthotic device:** Isang device na ginagamit bilang suporta o brace na nakakabit sa panlabas ng katawan upang suportahan o iwasto ang isang biglaang pinsala o may karamdamang parte ng katawan at na kinakailangan dala ng medikal na dahilan para sa medikal na pagpapagaling ng miyembro.

**Ospital:** Isang lugar kung saan kukunin ninyo ang pangangalagang pang-inpatient at pang-outpatient mula sa mga doktor at nurse.

**Pagpapaospital:** Pagpasok sa isang ospital para sa paggamot bilang inpatient.

**Pagpapatuloy ng pangangalaga:** Ang kakayahan ng isang miyembro ng plano na patuloy na tumanggap ng mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa kanilang kasalukuyang tagapagbigay ng serbisyo nang hanggang 12 buwan nang hindi napuputol ang serbisyo, kung sumasang-ayon ang tagapagbigay ng serbisyo at ang PHC.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).



**Pandaraya:** Isang sinasadyang kilos upang manlinlang o magpanggap na ginagawa ng isang taong nakakaalam na ang pandaraya ay maaaring magresulta sa hindi awtorisadong benepisyo para sa naturang tao o ibang tao.

**Pangangalaga ng kalusugan sa tahanan:** Pangangalagang skilled nursing at iba pang mga serbisyong ipinagkakaloob sa tahanan.

**Pangangalaga ng ospital na pang-outpatient:** Pangangalagang medikal o pagpapa-opera sa isang ospital nang hindi nagpapaospital bilang inpatient.

**Pangangalaga sa emergency room:** Isang eksaminasyong isinasagawa ng isang doktor (o mga tauhan sa direksiyon ng isang doktor ayon sa pinahihintulutan ng batas) upang alamin kung mayroong emergency na kondisyong medikal. Mga serbisyong kinakailangan dala ng medikal na dahilan upang patatagin kayo sa klinika sa loob ng mga kakayahan ng pasilidad.

**Pangangalaga sa mga may nataningang sakit:** Pangangalaga upang mabawasan ang mga pisikal, emosyonal, sosyal at espiritwal na kakulangan ng ginhawa para sa isang miyembro na may nataningang karamdaman na inaasahan na lang na mabuhay nang 6 na buwan o mas maikli.

**Pangangalagang pampagaan ng mga sintomas:** Pangangalaga upang mabawasan ang mga pisikal, emosyonal, sosyal at espiritwal na kakulangan ng ginhawa para sa isang miyembro na may seryosong karamdaman.

**Pangangalagang pang-inpatient:** Kapag mamamalagi kayo nang magdamag sa ospital o iba pang lugar para sa kailangan ninyong pangangalaga.

**Pangangalagang pang-outpatient:** Kapag hindi ninyo kailangang manatili nang magdamag sa isang ospital o iba pang lugar para sa kailangan ninyong pangangalagang medikal.

**Pangangalagang skilled nursing:** Mga sakop na serbisyong ipinagkakaloob ng mga lisensiyadong nurse, teknisyang at/o therapist sa panahon ng pamamalagi sa isang Pasilidad ng Skilled Nursing o sa tahanan ng miyembro.

**Pang-emergency na medikal na transportasyon:** Transportasyon sa isang ambulansiya o pang-emergency na sasakyan patungo sa isang emergency room upang tumanggap ng pang-emergency na pangangalagang medikal.

**Pangmatagalang pangangalaga:** Pangangalaga sa isang pasilidad nang mas matagal kaysa sa buwan ng pagkaka-admit.

**Pangunahing pangangalaga:** Tingnan ang karaniwang pangangalaga.

**Pansikiyatriyang emergency na kondisyong medikal:** Isang sakit sa pag-iisip kung saan sapat na seryoso o malala ang mga sintomas para magdulot ng agarang panganib

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

sa inyong sarili o sa ibang tao o na agad kayong hindi makakain, mabigyan ng tirahan ang inyong sarili o magsuot ng damit dahil sa sakit sa pag-iisip.

**Klinikang Pangkalusugan ng Indian (IHC):** Isang klinikang pangkalusugan na pinapatakbo ng Serbisyong Pangkalusugan ng Indian (IHS) o ng isang Indian Tribe, Tribal Organization, o Urban Indian Organization.

**Pasilidad ng skilled nursing:** Isang lugar na nagbibigay ng 24-na-oras-kada-araw na pangangalaga ng nurse na tanging mga nagsanay na propesyonal ang maaaring magkaloob.

**Paunang awtorisasyon (nauunang pag-aruruba):** Isang pormal na proseso na nag-aatas sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na kumuha ng pag-apruba na maibigay ang mga partikular na serbisyo o pamamaraan.

**Plano ng pinamamahalaang pangangalaga:** Isang plano ng Medi-Cal na gumagamit lamang ng mga partikular na doktor, espesyalista, klinika, botika at ospital para sa mga tumatanggap ng Medi-Cal na nakatala sa plano. Ang PHC ay isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga.

**Plano:** Pumunta sa “Plano ng pinamamahalaang pangangalaga.”

**Pormularyo:** Isang listahan ng mga gamot o bagay na nakatutugon sa mga partikular na pamantayalan at aprubado para sa mga miyembro.

**Prosthetic device:** Isang artipisyal na aparato na nakakabit sa katawan upang palitan ang nawawalang parte ng katawan.

**Reconstructive surgery:** Operasyon upang itama o ayusin ang mga abnormal na kaayusan ng katawan. Upang pahasayin ang silbi o lumikha ng normal na hitsura hangga’t maaari. Ang mga abnormal na kaayusan ng katawan ay yaong mga dulot ng depekto pagkapanganak, mga abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksiyon, bukol, o karamdaman.

**Referral:** Kapag sasabihin ng inyong PCP na maaari kayong kumuha ng pangangalaga mula sa ibang tagapagbigay ng serbisyo. Ang ilan sa mga sakop na pangangalaga at serbisyo ay nangangailangan ng referral at nauunang pag-apruba (paunang awtorisasyon).

**Reklamo:** Isang pasalita o pasulat na pagpapahayag ng miyembro ng pagkadiskuntento tungkol sa PHC, sa isang tagapagbigay ng serbisyo, o sa kalidad ng mga ipinagkaloob na serbisyo. Ang reklamo ay kapareho ng karaingan.

**Sentrong Pangkalusugan na Kwalipikado sa Pederal (FQHC):** Isang sentrong pangkalusugan sa lugar na walang maraming tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari kayong kumuha ng pangangalagang pangunahin at para makaiwas sa sakit sa isang FQHC.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

**Sertipikadong Nurse na Midwife (CNM):** Isang indibidwal na lisensyado bilang isang Rehistradong Nurse at sertipikado bilang isang nurse na midwife ng California Board of Registered Nursing. Pinahihintulutan ang isang sertipikadong nurse na midwife na asikasuhin ang mga kaso ng normal na pagsisilang ng sanggol.

**Seryosong karamdaman:** Isang sakit o kondisyon na kailangang magamot at maaaring magresulta sa pagkamatay.

**Sineserbisyuhang lugar:** Ang heograpikong lugar na pinaglilingkuran ng PHC. Kabilang dito ang mga county ng Del Norte, Humboldt, Lake, Lassen, Marin, Mendocino, Modoc, Napa, Shasta, Siskiyou, Solano, Sonoma, Trinity, at Yolo.

**Sistema ng Kalusugan na Inorganisa ng County (COHS):** Isang lokal na ahensiyang binuo ng lupon ng mga superbisor ng isang county upang makipagkontrata sa programang Medi-Cal. Awtomatiko kayong maipapatala sa isang plano ng COHS kung matutugunan ninyo ang mga panuntunan sa pagpapatala. Pinipili ng mga nakatalang tumatanggap ang kanilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan mula sa lahat ng tagapagbigay ng serbisyo ng COHS.

**Tagapagbigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip:** Mga lisensiyadong indibidwal na nagkakaloob ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at kalusugan ng pag-uugali sa mga pasyente.

**Tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa tahanan:** Mga tagapagbigay ng serbisyo na nagkakaloob sa inyo ng pangangalagang skilled nursing at iba pang mga serbisyo sa tahanan.

**Tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan:** Mga doktor at espesyalista tulad ng mga tagaoperang doktor, doktor na gumagamot ng kanser, doktor na gumagamot ng mga espesyal na bahagi ng katawan at na nakikipagtrabaho sa PHC o nasa network ng PHC. Ang mga tagapagbigay ng serbisyo sa aming network ay kailangang may lisensiya upang manungkulan sa California at magbigay sa inyo ng serbisyo na sakop ng PHC.

Karaniwang kailangan ninyo ng referral mula sa inyong PCP upang pumunta sa isang espesyalista.

**Hindi** ninyo kailangan ng referral mula sa inyong PCP para sa ilang uri ng serbisyo, tulad ng pagpapalano ng pamilya, pang-emergency na pangangalaga, pangangalaga ng OB/GYN o mga sensitibong serbisyo.

**Mga uri ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kabilang ang, pero hindi limitado sa:**

- Ang audiologist ay isang tagapagbigay ng serbisyo na sumusuri ng pandinig.
- Ang sertipikadong nurse na komadrona ay isang nurse na nangangalaga sa inyo sa pagbubuntis at sa panganganak.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

- Ang family practitioner ay isang doktor na gumagamot ng mga karaniwang medikal na isyu para sa mga tao sa lahat ng edad.
- Ang general practitioner ay isang doktor na gumagamot ng mga karaniwang medikal na isyu.
- Ang internist ay isang doktor na gumagamot ng mga karaniwang medikal na isyu ng mga nasa hustong gulang.
- Ang lisensiyadong bokasyonal na nurse ay isang lisensiyadong nurse na nakikipagtrabaho sa inyong doktor.
- Ang tagapagpayo ay isang tao na tumutulong sa inyo sa mga problema sa pamilya.
- Ang medical assistant o sertipikadong medical assistant ay isang hindi lisensiyadong tao na tumutulong sa inyong mga doktor na magbigay sa inyo ng pangangalagang medikal.
- Ang mid-level practitioner ay pangalang ginagamit para sa mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, tulad ng mga nurse-komadrona, assistant ng doktor o nurse practitioner.
- Ang nurse anesthetist ay isang nurse na nagbibigay sa inyo ng anestisya.
- Ang nurse practitioner o assistant ng doktor ay isang taong nagtatrabaho sa isang klinika o opisina ng doktor na nagda-diagnose, gumagamot at nangangalaga sa inyo, nang may mga limitasyon.
- Ang obstetrician/gynecologist (ob/gyn) ay isang doktor na nangangalaga ng kalusugan ng babae, kabilang sa pagbubuntis at panganganak.
- Ang occupational therapist ay isang tagapagbigay ng serbisyo na tumutulong sa inyo na mapanumbalik ang mga pang-araw-araw na kasanayan at aktibidad matapos ang isang karamdaman o pinsala.
- Ang pediatrician ay isang doktor na gumagamot sa mga bata magmula pagkapanganak hanggang sa mga taon ng pagbibinata at pagdadalaga.
- Ang physical therapist ay isang tagapagbigay ng serbisyo na tumutulong sa inyong palakasin ang inyong katawan matapos ang karamdaman o pinsala.
- Ang podiatrist ay isang doktor na nangangalaga sa inyong mga paa.
- Ang sikologo ay isang tao na gumagamot ng mga problema sa kalusugan ng pag-iisip ngunit hindi nagrereseta ng mga gamot.
- Ang nakarehistrong nurse ay isang nurse na may mas maraming pagsasanay kaysa sa isang bokasyonal na nurse at may lisensiyang gumawa ng mga partikular na gawain kasama ang inyong doktor.
- Ang respiratory therapist ay isang tagapagbigay ng serbisyo na tumutulong sa inyo sa inyong paghinga.
- Ang pathologist sa pagsasalita ay isang tagapagbigay ng serbisyo na tumutulong sa inyo sa inyong pagsasalita.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

**Tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (PCP):** Ang lisensiyadong tagapagbigay ng serbisyo na pupuntahan ninyo para sa karamihan ng inyong pangangalagang pangkalusugan. Tinutulungan kayo ng inyong PCP na makuha ang kailangan ninyong pangangalaga. May ilang pangangalaga na kailangan munang maaprubahan, maliban kung:

- Mayroon kayong emergency.
- Kailangan ninyo ng pangangalaga na Ob/gyn.
- Kailangan ninyo ng mga sensitibong serbisyo.
- Kailangan ninyo ng mga serbisyo ng pagpapalano ng pamilya/pagpigil sa pag-aanak.

Ang inyong PCP ay maaaring isang:

- General practitioner
- Internist
- Pediatrician
- Family practitioner
- Ob/gyn
- Klinikang Pangkalusugan ng Indian (IHC)
- Sentrong Pangkalusugan na Kwalipikado sa Pederal (FQHC)
- Klinikang Pangkalusugan sa Rural (RHC)
- FQHC o RHC
- Nurse practitioner
- Assistant ng doktor
- Klinika

**Tagapagbigay ng serbisyo sa labas-ng-network:** Isang tagapagbigay ng serbisyo na hindi kasali sa network ng PHC.

**Tagapagbigay ng serbisyo sa network (o tagapagbigay ng serbisyo na nasa-network):** Tingnan ang “Nakikilahok na tagapagbigay ng serbisyo” sa ibaba.

**Tagapamahala ng kaso:** Mga nakarehistrong Nurse, Social Worker o iba pang lisensiyadong propesyonal na makakatulong sa inyong maintindihan ang mga malalaking problema sa kalusugan at ayusin ang pangangalaga sa inyong mga tagapagbigay ng serbisyo.

**Triage (o screening):** Ang ebalwasyon ng inyong kalusugan na gagawin ng isang doktor o nurse na nagsanay upang mag-screen para sa layuning pag-alam kung apurahan ninyong kailangan ang pangangalaga.

---

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155  
(TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org).

## **Partnership HealthPlan of California**

**Address sa koreo:** 4665 Business Center Drive  
Fairfield, CA 94534

**Telepono:** (800) 863-4155 (Toll-free)  
(800) 735-2929 or 711 TTY/TDD

**Oras:** Monday – Friday, 8 a.m. to 5 p.m.

**Website:** [www.partnershiphp.org](http://www.partnershiphp.org)

